



County of San Diego

Mental Health Plan (MHP)

Handbuk ng Benepisyaryo

Mga Serbisyo ng Espesyalidad sa Mental na Kalusugan

HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
BEHAVIORAL HEALTH SERVICES
3255 CAMINO DEL RIO SOUTH, MAIL STOP P-531
SAN DIEGO, CA 92108-3806
(619) 563-2700 • FAX (619) 236-1953

Mga mapagkukunan ng online website para sa MHP Handbuk ng Benepisyaryo at Direktorto ng tagapagkaloob ng MHP:

1. <https://www.optumsandiego.com>
2. https://www.sandiegocounty.gov/content/dam/sdc/hhsa/programs/bhs/homepage/All_Provider_Directory/BHS_Provider_Directory.pdf
3. <http://sandiego.networkofcare.org/> - para sa mga mapagkukunan ng nasalin sa wika



LIVE WELL
SAN DIEGO



English

ATTENTION: If you speak another language, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-888-724-7240 (TTY: 711).

ATENSYON: Ang mga tulong at mga serbisyong, kasama ngunit hindi limitado sa malaking printang mga dokumento at mga alternatibong mga pormat, ay maibibigay sa iyo nang libre kapag hiniling ito. Tumawag sa 1-888-724-7240 (TTY: 711).

Español (Spanish)

ATENCIÓN: Si habla español, tiene a su disposición servicios gratuitos de asistencia lingüística. Llame al 1-888-724-7240 (TTY: 711).

Tiếng Việt (Vietnamese)

CHÚ Ý: Nếu bạn nói Tiếng Việt, có các dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho bạn. Gọi số 1-888-724-7240 (TTY: 711).

Tagalog (Tagalog –Filipino)

PAUNAWA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, maaari kang gumamit ng mga serbisyo ng tulong sa wika nang walang bayad. Tumawag sa 1-888-724-7240 (TTY: 711).

한국어 (Korean)

주의: 한국어를 사용하시는 경우, 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-888-724-7240 (TTY: 711). 번으로 전화해 주십시오.

繁體中文(Chinese)

注意：如果您使用繁體中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-888-724-7240 (TTY: 711)。



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Հայերեն (Armenian)

ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե խոսում եք հայերեն, ապա ձեզ անվճար կարող են տրամադրվել լեզվական աջակցության ծառայություններ: Չանգահարեք 1-888-724-7240 (TTY: (հեռատիպ)՝711).

Русский (Russian)

ВНИМАНИЕ: Если вы говорите на русском языке, то вам доступны бесплатные услуги перевода. Звоните 1-888-724-7240 (телетайп: 711).

فارسی (Farsi)

توجه: اگر به زبان فارسی گفتگو می کنید، تسهیلات زبانی بصورت رایگان برای شما فراهم می باشد. ب 1-888-724-7240 (TTY:711) تماس بگیرید.

日本語 (Japanese)

注意事項：日本語を話される場合、無料の言語支援をご利用いただけます。1-888-724-7240 (TTY: 711) まで、お電話にてご連絡ください。

Hmoob (Hmong)

LUS CEEV: Yog tias koj hais lus Hmoob, cov kev pab txog lus, muaj kev pab dawb rau koj. Hu rau 1-888-724-7240 (TTY: 711).

ਪੰਜਾਬੀ (Punjabi)

ਧਿਆਨ ਦਿਓ: ਜੇ ਤੁਸੀਂ ਪੰਜਾਬੀ ਬੋਲਦੇ ਹੋ, ਤਾਂ ਭਾਸ਼ਾ ਵਿੱਚ ਸਹਾਇਤਾ ਸੇਵਾ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਉਪਲਬਧ ਹੈ। 1-888-724-7240 (TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ।

العربية (Arabic)

ملحوظة: إذا كنت تتحدث اذكر اللغة، فإن خدمات المساعدة اللغوية تتوافر لك بالمجان. اتصل برقم 1-888-724-7240

(رقم هاتف الصم والبكم: 711 TTY)



हिंदी (Hindi)

ध्यान दें: यदि आप हिंदी बोलते हैं तो आपके लिए मुफ्त में भाषा सहायता सेवाएं उपलब्ध हैं। 1-888-724-7240 (TTY: 711) पर कॉल करें।

ภาษาไทย (Thai)

เรียน: ถ้าคุณพูดภาษาไทยคุณสามารถใช้บริการช่วยเหลือทางภาษาได้ฟรี โทร 1-888-724-7240 (TTY: 711).

ខ្មែរ (Cambodian)

ប្រយ័ត្ន: បើសិនជាអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ, សេវាជំនួយផ្នែកភាសា ដោយមិនគិតថ្លៃ គឺអាចមានសំរាប់អ្នក។ ចូរ ទូរស័ព្ទ 1-888-724-7240 (TTY: 711)។

ພາສາລາວ (Lao)

ໂປດຊາບ: ຖ້າວ່າ ທ່ານເວົ້າພາສາ ລາວ, ການບໍລິການຊ່ວຍເຫຼືອດ້ານພາສາ, ໂດຍບໍ່ເສັຽຄ່າ, ແມ່ນມີພ້ອມໃຫ້ທ່ານ. ໂທ 1-888-724-7240 (TTY: 711).



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

TALAN NG NILALAMAN

IBANG MGA WIKA AT MGA PORMAT	6
ABISO NG WALANG DISKRIMINASYON	7
PANGKALAHATANG IMPORMASYON	12
IMPORMASYON TUNGKOL SA PROGRAMANG MEDI-CAL	15
PAANO MO MASASABI KUNG IKAW O SINUMAN AY NANGANGAILANGAN NG TULONG	20
PAG-ACCESS SA MGA SERBISYO NG ESPESYALIDAD NG KALUSUGANG MENTAL	23
PAMANTAYAN NG PANGANGAILANGANG MEDIKAL	30
PAGPILI NG TAGAPAGKALOOB	32
SAKOP NG MGA SERBISYO	34
MALUBHANG DETERMINASYON NG BENEPISYO NG IYONG MHP	43
ANG PROSESO NG PAGRESOLBA SA PROBLEMA: MAGHAIN NG KARAINGAN O APILA	46
ANG PROSESO NG KARAINGAN	48
ANG PROSESO NG APILA (KARANIWAN AT PINABILIS)	51
ANG PROSESO NG PAGDINIG NG ESTADO	61
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO	63



IBANG MGA WIKA AT PORMAT

Ibang mga Wika

Maaari mong makuha ang Hanbuk ng Benepisyarong ito at ibang mga materyales nang libre sa ibang mga wika. Tumawag sa 1-888-724-7240. Ang tawag ay libre sa toll.

Ibang Mga Pormat

Maaari mong makuha ang impormasyong ito nang libre sa ibang auxiliary na pormat, tulad as Braille, malaking printa na may 18 na punto ng font, o audio. Tumawag sa 1-888-724-7240. Ang tawag ay libre sa toll.

Mga Serbisyo sa Pagsasalin

Hindi mo kinakailangan na gamitin ang isang miyembro ng pamilya o kaibigan bilang isang tagasalin. Ang libreng tagapagsalin, linggwista, at mga serbisyong kultural ay magagamit 24 oras sa bawat araw, 7 araw sa bawat lingo. Upang makakuha ng hanbuk na ito sa ibang wika o upang makakuha ng tagapagsalin, linggwista, at tulong kultural, tumawag sa 1-888-724-7240. Ang tawag ay libre sa toll.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

ABISO NG WALANG DISKRIMINASYON

Ang diskriminasyon ay labag sa batas. Sumusunod ang County ng San Diego MHP sa mga batas ng estado o karapatang sibil ng pederal. Ang MHP ay hindi dumidiskrimina nang labag sa batas, nagbubukod sa mga tao, o nagtratrato nang iba dahil sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, ninuno, nasyonalidad, identipikasyon ng grupong etniko, taon, mental na kapansanan, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, impormasyon sa genetiks, katayaun sa kasal, kasarian, identipikasyon ng kasarian, o orientasyon sa kasarian.

Binibigay ng MHP ang:

- Libreng tulong at mga serbisyo sa mga tao na may kapansanan upang tulungan sila na makipag-ugnay, tulad ng:
 - Kwalipikadong mga tagapagsalin ng sign language



- Mga kasulatang impormasyon sa ibang mga pormat (malaking printa, audio, accessible na elektronikong mga pormat, ibang mga pormat)
-
- Libreng mga serbisyo sa wika na kung saan ang pangunahing wika ay hindi Ingles, tulad ng:
 - Kwaliplikadong mga tagapagsalin
 - Impormasyon na naisulat sa ibang mga wika

Kung kailangan mo nitong mga serbisyo, makipag-ugnay sa MHP mula 8:00am – 5:00pm. O, kung hindi ka makadinig o makapagsalita nang mabuti, pakitawagan ang MHP sa TTY/TDD sa 711.

PAANO MAGHAIN NG KARAINGAN

Kung ikaw ay naniniwala na bigo na maibigay ng MHP ang mga serbsiyong ito, o nadiskrimina ka na labag sa batas sa ibang paraan na base sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, pinagmulann, nasyonalidad, identipikasyon ng grupong etniko, taon, mental na kapansanan, pisikal na kapansan, medikal na kondisyon, impormasyon sa genetiko, katayuan sa kasal, kasarian, identipikasyon sa kasarian, o orientasyon sa kasarian,



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

maaari kang maghain ng karaingan sa Koordinator ng MHP Civil Rights. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, sa kasulatan, o elektroniko:

- Sa telepono: Makipag-ugnay sa Koordinator ng MHP Civil Rights sa pagitan ng 7:30am – 4:30pm (Lunes-Biyernes) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-619-515-6788. O, kung ikaw ay hindi makadinig o makapagsalita nang mabuti, pakitawagan ang **TTY/TDD: 711**.
- Sa Kasulatan: Punan ang complaint form o isulat sa kamay at ipadala sa :

Civil Rights Coordinator

Health and Human Services Agency

1255 Imperial Ave. Ste. 400, MS W414

San Diego, CA 92101

- Elektroniko: Magpadala ng email kay Jennifer.Campos@sdcounty.ca.gov at sabihin na nais mong maghain ng karaingan.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – CALIFORNIA DEPARTMENT OF HEALTH CARE SERVICES

Ikaw rin ay maaaring maghain ng reklamo ng karapatang sibil sa California Department of Health Care Services, Office of Civil Rights sa telepono, sa kasulatan, o elektroniko:

- Sa Telepono: Tumawag sa **(916) 440-7370**. Kung hindi ak makadinig o makapagsalita nang mabuti, pakitawagan ang **711 (Mga Serbisyong Relebo sa Telekomunikasyon)**.
- Sa kasulatan: punan ang complaint form o ipadala ang sulat sa:



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Michele Villados
Deputy Director, Office of Civil Rights
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P. O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Ang mga Complaint forms ay makikita sa

http://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx

- Elektroniko: Mgagpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

OFFICE OF CIVIL RIGHTS – U.S. DEPARTMENT OF HEALTH AND HUMAN SERVICES

Kung naniniwala ka na ikaw ay nadiskriminahan base sa lahi, kulay, nasyonalidad, kulay, edad, kapansanan, o kasarian, ikaw rin ay maaaring maghain ng reklamo ng karapatang sibil sa U.S. Department of Health and Human Services, Office of Civil Rights sa telepono, sa kasulatan, o elektroniko:

- Sa telepono: Tumawag sa **1 (800) 368-1019**. Kung ikaw ay hindi makapagsalita o makarinig nang mabuti, pakitawagan ang **TTY/TDD 1 (800) 537-7697**.
- Sa kasulatan: Punan ang complaint form o ipadala sa:

U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Ang mga Complaint forms ay makikita sa

<https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- Elektroniko: Bumisista sa Opisisna ng Civil Rights Complaint Portal sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/smartscreen/main.jsf>.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

PANGKALAHATANG IMPORMASYON

Bakit Mahalagang Basahin ang Handbuk na Ito?

Magagamit ang Specialty Mental Health Services (SMHS) sa lahat ng mga benepisyaryo ng Medi-Cal sa lahat ng rehiyon sa County ng San Diego. Ang handbuk na ito ay magagamit sa paghiling sa iyong opisina ng tagapagkaloob at makikita online.

Ang handbuk na ito ay nagsasabi kung paano makakuha ng mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan sa Medi-Cal sa pamamagitan ng iyong MHP sa county. Ang handbuk na ito ay nagpapaliwang ng iyong benepisyo at paano makakuha ng pangangalaga. Ito rin ay makakasagot sa marami sa iyong mga katanungan.

Matututunan mo ang:

- Paano makakakuha ng mga serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental sa pamamagitan ng MHP
- Anung mga benepisyo ang kailangan ma-access
- Ano ang kailangan gawin kung ikaw ay may katanungan o problema
- Ang iyong mag karapatan at responsibilidad bilang benepisyaryo ng Medi-Cal

Kung hindi mo babasahin ang Handbuk na ito ngayon, Kailangan mong itago ang handbuk na ito upang mabasa mo sa sususnod. Ang handbuk na ito at ibang kasulatang materyales ay magagamit ng elektroniko sa www.optumsandiego.com o nakaprinta na porma mula sa MHP o sa opisina ng iyong tagapagkaloob, ng libre. Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 kung nais mo ng nakaprintang kopya.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Gamiting ang Hanbuk na ito bilang karagdagang impormasyon na iyong natanggap noong ikaw ay nagpatala sa Medi-Cal.

Kailangan Mo ang Hanbuk na Ito sa Iyong Wika o sa Ibang Pormat?

Kung ikaw ay nagsasalita ng ibang wika maliban sa Ingles. May libreng serbisyo sa pasalitang tagapagsalin ang iyong magagamit. Tumawag sa Access and Crisis Line sa 1-888-724-7240. Ang iyong MHP ay magagamit 24 oras bawat araw, pitong araw sa isang lingo.

Maaari ring makipag-ugnay sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 kung nais mo itong handbuk o ibang mga materyales sa alternatibong pormat tulad ng malaking pormat o audio. Ang iyong MHP at tutulong sa iyo.

Kung nais mo na ang Handbuk na ito o ibang kasulatang mga materyales sa isang wika maliban sa Ingles, tawagan ang iyong MHP. Ang iyong MHP ay makakatulong sa iyo sa iyong wika sa pamamagitan ng telepono.

Ang impormasyong ito ay magagamit sa mga wika na nakalista sa ibaba.
Ingles, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Arabiko, at Farsi

Ano ang Responsibilidad ng Aking MHP?

Ang iyong MHP ay responsable sa mga sumusunod:

- Malaman kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyong espesyalidad sa kalusugang mental mula sa county o ang network ng kanyang tagapagkaloob.
- Pagbibigay ng numero ng libreng-toll na sumasagot 24 araw sa isang araw, pitong araw sa isang lingo na makakapagsabi sa iyo kung paano mo makukuha ng mga serbisyo mula sa MHP. Tumawag sa 1-888-724-7240.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Pagkakaroon ng sapat na tagapagkaloob upang siguraduhin na makukuha mo ang serbisyo sa pagpapagaling ng kalusugang mental na sakop ng MHP kung kailangan mo ito.
- Pagbibigay ng impormasyon at edukasyon sa iyo tungkol sa serbisyo na makikita sa iyong MHP.
- Pagbibigay ng mga serbsiyo sa iyong wika o sa pamamagitan ng isang tagapagsalin (kung kinakailangan) nang walang bayad at nagpapapaalam sa iyo na mayroon ang mga serbisyong ito.
- Pagbibigay sa iyo ng kasulatang impormasyon kung ano ang meron sa ibang mga wika o alternatibong mga porma tulad ng audio o malaking printa. Maaaring makipag-ugnay sa MHP o pumunta sa website ng MHP sa www.optumsandiego.com.Makikita ang impormasyong ito sa mga sumusunod na mga wika: Ingles, Espanyol, Tagalog, Biyetnamis, Arabiko at Farsi.
- Pagbibigay sa iyo ng abiso ng anumang mahalagang pagbabago sa impormasyon na nakasaad sa handbuk na ito ng hindi lalampas ng 30 na araw bago ang epektibong petsa ng pagbabago. Ang pagbabago ay kinokonsiderang mahalaga kung mayroong pagtaas o pagbaba sa halaga ng uri ng serbisyo na magagamit, o kung meron pagtaas o pagbaba ng network ng tagapagkaloob , o, kung may ibang pagbabago na maaaring makaapekto sa iyong mga benepsiyo na natanggap sa pamamagitan ng MHP.



IMPORMASYON TUNGKOL SA IYONG PROGRAMANG MEDI-CAL

Sino ang Makakakuha ng Medi-Cal?

Maraming mga kadahilanan ang ginagamit sa pagpasya kung anong uri ng sakop ng pangkalusugan ang maaaring tanggapin mula sa Medi-Cal. Kasama dito ang:

- Magkano ang iyong kinikita
- Ang iyong gulang
- Ang taon ng sinumang bata na iyong inaalagaan
- Kung ikaw ay buntis, bulag, may kapansanan
- Kung ikaw ay nasa Medicare

Ikaw rin ay kailangang nakatira sa California upang maging kwalipikado para sa Medi-Cal. Kung sa tigin mo ikaw ay kwalipikado para sa Medi-Cal, alamin kung paano umaplay sa ibaba.

Paano Ako Makaka-aplay Para sa Medi-Cal?

Ikaw ay makaka-aplay sa Medi-Cal sa anumang oras ng taon. Maaaring pumili sa isa sa mga sumusunod upang makaaplay.

1. **Sa Koreo:** Mag-aplay ng Medi-Cal na may Single Streamlined Application, na nakasalin sa Ingles at iba pang mga wika sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/eligibility/Pages/SingleStreamApps.aspx>. Ipadala ang mga nakumpletong



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

aplikasyon sa iyong lokal na opisina ng iyong county. Hanapin ang address ng iyong lokal na opisina ng iyong county sa web sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/medi-cal/Pages/CountyOffices.aspx>.


2. Mag-aplay sa tamang oras:



Ang My Benefits CalWIN ay ang website kung saan ikaw ay maaaring:

- Magsimula ng proseso ng aplikasyon sa pamamagitan ng pagkumpleto ng madaling aplikasyon online
- Isumite ang elektronikong mga kopya ng mga beripikasyon
- Alamin kung ikaw ay maaaring maging karapat-dapat para sa CalFresh at/o mga benepisya ng Medi-Cal

Upang magsimula sa iyong aplikasyon on-line, pumunta sa www.mybenefitscalwin.org.

Manood ng bideo upang malaman kung paano mag-aplay sa MyBenefits CalWIN na website sa 

3. Mag-aplay online para sa Insurance Affordability Program kasama ang Medi-Cal at Subsidized Health Insurance:



<http://www.coveredca.com/>

Kung kailangan mo ng tulong sa pag-aplay, o kung may mga katanungan, maaaring makipag-ugnay sa Certified Enrollment Counselor (CEC) nang libre. Tumawag sa 1-800-300-1506, o maghanap ng lokal na CEC sa <http://www.coveredca.com/get-help/local>.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

4. Ang mga aplikasyon sa **koreo** ay maaaring hilingin sa pagtawag sa:

- I-access sa 866-262-9881
- 2-1-1

Ang mga aplikasyon at/o mga beripikasyon ay maaring ipadala sa sumusunod na address:

County of San Diego
Health and Human Services Agency
APPLICATION
P.O. Box 85025
San Diego, CA 92186-9918

5. Ang mga **personal** na aplikasyon ay maaring makuha sa alinman sa mga sumusunod na mga pasilidad:

- [Community Resource Center - Fallbrook](#)
- [Community Resource Center - Ramona](#)
- [Family Resource Center - Centre City](#)
- [Family Resource Center - El Cajon](#)
- [Family Resource Center - Lemon Grove](#)
- [Family Resource Center - North Central](#)
- [Family Resource Center - North Coastal](#)
- [Family Resource Center - Northeast](#)
- [Family Resource Center - North Inland](#)
- [Family Resource Center - Chula Vista](#)
- [Family Resource Center - Southeast](#)
- [Live Well Center - National City](#)

Kung meron kang mga katanungan maaring makipag-ugnay sa Access Call Center sa:

- Pamamagitan ng telepono sa 1-866-262-9881
- Web: www.accessbenefitsSD.com
- E-mail: pubassist.hhsa@sdcounty.ca.gov

Kung meron pa ka ring mga katanungan tungkol sa Programang Medi-Cal, maaaring mapag-aralan sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/Steps-to-Medi-Cal.aspx>.

Ano ang mga Serbisyong Emerhensiya?

Ang mga serbisyong emerhensiya ay mga serbisyo para sa mga benepisyaryo na nakakaranas ng hindi inaasahang kondisyong medikal, kasama ang emerhensiyang



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

saykayatrikong medikal na kondisyon.

Ang emerhensiyang medikal na kondisyon ay may mga sintomas na malubha (maaring kasama ang malubhang sakit) na maaasahan ng karaniwang tao na mangyari sa anumang sandali:

- Ang kalusugan ng isang tao (o ukol sa isang buntis na babae, ang kalusugan ng kanyang hindi pa isinisilang na bata) ay maaring isang panganib
- Mga seryosong problema na kasama ang mga pangkatawang tungkulin
- Seryosong problema na kasama ang mga lamang loob o parte ng katawan

Ang saykayatrikong emerhensiyang medikal na kondisyon ay mangyayar kapag iniisip ng isang karaniwang tao na:

- Ay kasalukuyang panganib sa kanyang sarili o sa ibang tao sa kadahilanang tila may sakit sa pag-iisip
- Ay agad na hindi makapagbigay o kumain ng pagkain, o gumamit ng damit o silungan sa kadahilanang tila may sakit sa pag-iisip

Saklaw ng serbisyong emerhensiya 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang lingo para sa mga benepisyaryo ng Medi-Cal. Hindi kailangan ng paunang awtorisasyon sa serbisyo ng emerhensiya. Saklaw ng Programang Medi-Cal ang mga emerhensiyang kondisyon, medikal man o saykayatriko (emosyonal o mental). Kung nakalista ka sa Medi-Cal, hindi ka makakatanggap ng singil na babayaran para pumunta sa silid ng emerhensiya, kahit na lumalabas na hindi ito emerhensiya. Kung sa tingin mo ay kailangan ng emerhensiya, tumawag sa 911 o pumunta sa anumang hospital o ibang pagtatakda para sa tulong.



May Magagamit ba na Transportasyon?

Maibibigay ang hindi emerhensiyang sasakyan at hindi pangmedikal na sasakyan para sa benepisyaryo ng Medi-Cal na hindi maaaring mabibigyan ng sariling transportasyon at mayroong medikal na pangangailaga upang makatanggap ng ilang mga sakop na mga serbisyong Medi-Cal.

Kung kailangan mo ng tulong sa transportasyon, makipag-ugnay sa iyong planong tagapamahala ng pag-aalaga para sa impormasyon at tulong.

Kung ikaw ay may Medi-Cal ngunit hindi nakatala sa planaong tagapamahala ng pangangalaga, at kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon, maari kang tumawag sa may naaprubang lisensyado, o direktso sa kompanya ng propesyonal na medikal na transportasyon o tawagan ang iyong tagapagkaloob ng medikal na kalusugan at magtanong tungkol sa nagbibigay ng serbisyong transportasyon sa inyong lugar. Kung matatawagan mo ang kompanya ng transportasyon, magtatanong sila ng impormasyon tungkol sa petsa at oras ng iyong appointment. Kung kailangan mo ng hindi medikal na transportasyon, ang iyong tagapaagkaloob ay magmumungkahi ng hindi emerhensiyang medikal na transportasyon at makipag-ugnayan sa nagbibigay ng serbisyong transposrtasyon upang maayos ang iyong pagsakay papunta at pabalik sa iyong (mga) appointment.

Sino ang Aking Tatawagan Kung Mayroon Akong Palaisipang Magpakamatay?

Para sa mga lokal na residente na naghahanap ng tulong sa panahong krisis at upang ma-access ang programa sa kalusugang mental, pakitawagan ang Access and Crisis Line sa 1-888-724-7240.

Kung ikaw o isinumang kilala mo ay nasa kirisis, pakitawagan ang National Suicide Prevention Lifeline sa 1-800-273-TALK (8255)



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

PAANO MASASABI KUNG IKAW O ANG IBANG TAO AY NANGANGAILAN NG TULONG

Paano Ko Malalaman Kung Kailan Ko Kailangan ng Tulong?

Maraming tao ang nahihirapan sa buhay at may karanasan sa problema sa kalusugang mental.

Ang pinakamahalagang bagay na tatandaan kung tatanungin mo ang iyong sarili kung kailangan mo ng propesyonal na tulong ay pagtiwala sa sarili. Kung karapat dapat ka sa Medi-Cal, at sa tingin mo ay kailangan mo ng propesyonal na tulong, humingi ka ng pagtatasa sa iyong MHP.

Maaaring kinakailangan mo ng tulong kung mayroon ka ng isa o higit pa sa mga sumusunod na senyales:

- Malungkot (o nakakaramdan ng walang pag-asa, kawalan ng kakayahan, o naljulumbay) ng halos araw araw
- Kawalan ng interes sa mga gawain na karaniwang gusto mong ginagawa
- Malaking pagbawas o pagbigat ng timbang sa maikling panahon
- Pagtulog ng sobra o masyadong maikli
- Mabagal o masyadong mabilis na paggalaw
- Nakakaramdam ng pagod sa halos araw araw
- Pagkadama ng walang halaga o sobrang pagkasala
- Kahirapan sa pag-iisip, pag-iisip ng mabuti, at/o paggawa ng mga pasiya
- Pagbaba ng pangangailangan sa tulog (nakakaramdam ng “pahinga” kahit sa ilang oras lang ng tulog)
- Mabilis na pag-iisip na mahirap para sa iyong habulin
- Mabilis na pagsasalita o hindi huminto sa pagsasalita
- Naniniwala na may mga taong humahabol sa iyo
- Nakakarining ng mga boses at/o ibang tunog na hindi naririnig ng iba



- Nakakakita ng mga bagay na hindi nakikita ng iba
- Hindi makapunta sa trabaho o sa paaralan
- Hindi pinapansin ang kalinisan sa katawan (pagiging malinis)
- Pagkakaroon ng seryosong problema sa ibang mga tao
- Nagpapahuli o lumalayo sa ibang tao
- Umiiyak parati nang walang dahilan
- Parating nagagalit at mainitin ang ulo nang walang rason
- Nagkakaroon ng malubhang mood swings
- Nakakaramdam ng pagkabalisa at parating nag-aalala sa lahat ng oras
- Pagkakaroon ng sinasabi ng ibang tao na hindi pangkaraniwan o kakaibang pagkikilos

Kailan Ko Malalaman Kung ang Ilang Bata o Kabataan ay Nangangailangan ng Tulong?

Maari mong tawagan ang iyong MHP para mapatasa ang iyong anak o kabataan kung sa tingin mo ay nagpapakita ng senyales ng problema sa kalusugang mental. Kung ang iyong anak o kabataan ay kwalipikado sa Medi-Cal at ang pagtasa ng county ay nagpapakita na sakop ng MHP na mga serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental ay kinakailangan, ang MHP ay mag-aayos para sa iyong anak o kabataan na makatanggap ng serbisyo. Mayroon ding mga serbisyo na magagamit para sa mga magulang na nalulumbay sa pagiging magulang o may mental na problemang pangkalusugan.

Ang mga sumusunod na checklist ay maaaring makatulong sa pagtatasa kung ang iyong anak ay kailangan ng tulong, tulad ng mga serbisyo sa mental na kalusugan. Kung mahigit sa isang sinyales ang meron o patuloy sa mahabang panahon, ito ay indikasyon ng mas seryosong problema na nangangailangan ng propesyonal na tulong. Ito ang ilan sa mga sinyales na hahanapin:



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
 Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
 O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Biglaan at hindi maipaliwanag na pagbabago sa pagkilos
- Mga reklamo sa sakit nang walang medikasyon/dahilang pisikal
- Mas maraming oras nang mag-isa
- Madaling mapagod at may kaunting enerhiya
- Magalawgaw at hindi makatigil sa isang tabi
- Kaunting interes sa paaralan ng walang rason
- Madaling magulo
- Takot sa bagong mga sitwasyon
- Nakakaramdam ng pagkalungkot o pagkabalisa nang walang rason
- Iritable at galit nang walang rason
- Nakaramdam ng walang pag-asa
- May problema sa pagkonsentrayt
- May maliit na interes sa mga kaibigan
- Nakikipag-away sa iba
- Absent sa paaralan nang walang mabuting rason
- Bumabagsak ang mga grades sa paaralan
- Mababang pagpapahalaga sa sarili
- May problema sa pagtulog
- Nag-aalala nang madalas
- Namimighati kung hindi ka kasama
- Nararamdaman na sila ay laging tama
- Gumagawa ng hindi kailangang mga panganib
- Madalas na nakakaramdam ng emosyonal o pisikal na sakit
- Napapansing kilos na mas bata sa mga bata ng kanyang taon
- Hindi naiitindihan ang saloobin ng ibang tao
- Umaapi sa iba
- Hindi responsible sa sariling mga aksyon
- Kumukuha ng mga gamit na hindi sa kanila at tinatanggi na ginawa ito



PAG-ACCESS SA MGA SERBISYO NG ESPESYALIDAD NG MENTAL NA KALUSUGAN

Ano ang mga Serbisyong Espesyalidad ng Mental na Kalusugan?

Ang mga serbisyo sa espesyalidad sa kalusugang mental ay mga serbisyo sa kalusugang mental para sa mga tao na may sakit sa pag-iisip o emosyonal na problema na hindi kayang gamutin ng regular na doktor . Itong mga sakit at mga problemang ito ay malubha na maaaring makaapekto sa abilidad ng isang tao na gampanan ang kayang pangaraw-araw na mga tungkulin.

Kasama ng mga serbisyo ng espesyalidad na mental na kalusugan ang:

- Mga serbisyo ng kalusugang mental
- Mga serbisyo ng suportang medikal
- Mga naka-target na pamamahala sa mga kaso
- Mga serbisyo sa interbensyon sa krisis
- Mga serbisyo sa pagpapanatag ng krisis
- Mga serbisyo sa pagpapagaling sa mga adulto sa residensyal
- Mga serbisyo sa pagpapagaling sa krisis sa residensyal
- Mga serbisyo sa pangaraw- araw na masinsinang pagpapagamot
- Pangaraw na rehabilitasyon
- Mga serbisyo sa saykayatrikong mga pasyente sa ospital
- Mga serbisyo sa saykayatrikong kalusugan sa pasilidad

Dagdag sa mga serbisyo sa espesyalidad na kalusugang mental na nakalista sa itaas,



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

ang mga benepisyaryo na edad 21 pababa ay may access sa karagdagang mga serbsiyong sa ilalim ng benepisyong sa Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT) . Kasama ng mga serbisyong iyon ang:

- Mga masinsinang serbisyong na base sa bahay
- Koordinasyon sa masinsinang pangangalaga
- Mga serbisyo sa pagpapagaling sa pagkilos
- Pangangalaga sa pagpapagaling sa kinakapatid

Kung nais mong pang malaman ang bawat serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental na maaaring mong magamit, tignan ang “Sakop ng Serbisyo “ na seksyon sa hanbuk na ito.

Paano ko Makukuha ang mga Serbisyo ng Kalusugang Mental?

Kung sa tingin mo ay kinakailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapagaling ng espesyalidad sa kalusugang mental, maaaring tumawag sa iyong MHP at humingi ng appointment para sa paunang pagtatasa. Maaarin mong tawagan ang libreng-toll na numero ng iyong county.

Ikaw rin ay maaaring isangguni sa iyong MHP para sa mga serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental ng ibang tao o organisasyon, kasama ang iyong doktor, paaralan, miyembro ng pamilya, tagapag-alaga, ang iyong plano ng tagapamahala ng pangangalaga, o ibang ahensiya ng county. Kadalasan, kinakailangan ng iyong doktor o plano ng tagapamahala ng pangangalaga ng Medi-Cal ang iyong pahintulot, o pahintulot ng magulang o tagapangalaga ng isang bata, na gawin ang pagsangguni na direkta sa MHP, maliban na lamang kung may emerhensiya. Ang iyong MHP ay hindi maaaring magtanggì ng hiling na gawin ang insiyal na pagtatasa upang determinahin kung tutugunan ang mga pamantayan sa pagtanggap ng mga serbisyo sa pagtanggap mula sa MHP.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Ang sakop ng mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan ay magagamit sa pamamagitan ng tagapagkaloob ng MHP (tulad ng mga klinika, sentro ng pagpapagamot, oragnisasyon na base sa komunidad, o mga indibidwal na tagapagkaloob).

Saan Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo ng Espesyalida na Kalusugang Mental?

Ikaw ay maaaring makakuha ng mga serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental sa county kung saan ka nakatira. Ikaw ay maaaring makakuha ng pagsangguni para sa mga serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental sa pamamagitan ng pagtawag ng Access and Crisis Line sa 1-888-724-7240. Ang linya na ito ay magagamit 7 na araw sa isang lingo, 24 oras sabat araw. Ang bawat county ay may mga serbisyo sa espesyalidad sa kalusugang mental para sa mga bata, mg kabataan, mga adulto, at nakatatandang mga adulto. Kung ikaw ay nasa edad na 21 pababa, ikaw ay karapat-dapat para sa karagdagang sakop at mga benepisyo sa ilalim ng EPSDT.

Ang iyong MHP o tagapagkaloob ng mga serbisyo ay magpapasya kung kailangan mo ng mga serbisyo sa espesyalidad sa kalusugang mental. Kung ito ay magaganap, ang MHP ay magsasangguni sa iyo ng tagapagkaloob ng pangkalusugang mental na nagbibigay ng mga serbisyo na kailangan.

Isasangguni ka ng MHP sa tagapagkaloob na tutugunan ang iyong mga pangangailangan at pinakamalapit na tagapagkaloob sa iyong tahanan.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Kailan Ako Maaaring Makakuha ng mga Serbisyo sa Espesyalidad sa Mental na Kalusugan ?

Kinakailangan tugunan ng iyong MHP ang pamantayan ng oras sa appointment ng estado kung nag-iiskedyul ng appointment para sa iyo na makatanggap ng mga serbisyo mula sa MHP. Inaalok ng MHP ang appointment na tumutugon sa mga sumusunod na pamantayan ng oras:

- Sa loob ng 10 araw ng negosyo ng iyong hindi agarang hiling upang masimulan ang serbisyo ng MHP;
- Sa loob ng 48 na oras kung kailangan mo ng hiling sa mga serbisyo para sa agarang kondisyon;
- Sa loob ng 15 na araw ng negosyo ng iyong hiling para sa appointment ng may psychiatrist; at,
- Para sa patuloy na mga serbisyo (kasunod ng inisyal na appointment), sa tamang oras base sa kondisyon at pangangailangan ng serbisyo.

Sino ang Nagpapasya Kung Anong mga Serbisyo ang Aking Makukuha?

Ikaw, ang iyong tagapagkaloob, at ang MHP ay kasangkot sa pagpasya kung anong mga serbisyo ang kailangan na matanggap sa pamamagitan ng MHP sa pamamagitan ng pagsunod ng kinakailangang mga pamantayang medikal at sakop ng mga serbisyo. Maaaring gamitin ng MHP ang isang kwalipikadong propesyonal na gawin ang pagsususri para sa serbisyong awtorisasyon. Itong proseso ng pagsususri ay tinatawag na awtorisasyon sa mga serbisyo ng espesyalidad ng kalusugang mental.

Ang proseso ng awtorisasyon ng MHP ay kailangan sumunod sa espesipikong oras, para sa karaniwang awtorisasyon, magpapasya ang MHP base sa hiling ng tagapagkaloob sa



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

loob ng 5 araw sa kalendaryo. Kung ikaw o ang iyong tagpagkaloob ang humiling nito, o kung sa tingin ng MHP na nasa iyong interes na makakuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyong tagpagkaloob, ang timeline ay maaaring palawigin hanggang sa karagdagang 14 na araw sa kalendaryo. Ang halimbawa ng pagpapalawig ay maaaring nasa iyong interes kung sa tingin ng MHP na maaaring aprubahan ang hiling sa tagpagkaloob para sa pagpapagaling kung sila ay makakakuha ng karagdagang impormasyon mula sa iyong tagpagkaloob. Kung pinalawig ng MHP ang timeline para sa hiling ng tagpagkaloob, ipapadala sa iyo ng county ang kasulatang abiso tungkol sa pagpapalawig. Maaari mong hilingin sa MHP para sa karagdagang impormasyon tungkol sa proseso ng awtorisasyon. Tawagan ang iyong MHP upang humiling ng karagsagang impormasyon.

Kung napagpasyahan ng MHP na hind na kailangan ng hinihiling na mga serbisyo, kailangan magpadala ang MHP ng Notice of Adverse Benefit Determination o Abiso ng Determinasyon ng Malubhang Benepisyo na nagsasabi na ang serbisyo ay natanggihan at magpapaaalam sa iyo na maaari kang maghain ng apila at magbigay ng impormasyon kung paano maghain ng apila. Upang malaman ang iyong mga karapatan sa paghain ng karaingan o apila kung hindi ka sumasang-ayong sa desisyon ng iyong MHP n tanggihan ang iyong mga serbisyo o kumuha ng ibang mga aksyon na hindi ka sumasang-ayon, sumangguni sa pahina 42 ng hanbuk na ito.

Paano Ako Makakakuha ng Mga Serbisyo sa Kalusugang Mental Na Hindi Sakop ng MHP?

Kung ikaw ay nakatala sa planong pamamahala ng panganaglaga ng Medi-Cal, ikaw ay may access sa mga sumusunod na mag serbisyo sa pangkalusugang mental ng mga labas na pasyente sa pamamagitan ng plano sa pamamahala ng panganaglaga ng Medi-Cal:



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Pagsubok at Pagpapagamot sa indibidwal o grupo na kalusugang mental (saykoterapy)
- Pagsubok sa saykolohka upang suriin ang kondisyon ng pangkalusugang mental
- Mga serbisyo sa labas na pasyente kasama ang lab work, droga, at mga suplay
- Mga serbisyo sa labas na pasyente upang manmanan ang pagpapagamot sa droga
- Saykayatrikong Konsulatasyon

Upang makakuha ng mga serbisyo, tumawag sa iyong plano na tagapamahala ng pangangalaga ng Medi-Cal. Kung hindi ka nasa plano ng tagapamahala ng pangangalaga ng Medi-Cal, ikaw ay maaaring makakakuha ng mga serbisyo mula sa indibidwal na tagapagkaloob o mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal. Maaaring makatulong ang MHP upang makahanap ng tagapagkaloob o klinika na maaring makatulong sa iyo o maaaring makapagbigay sa iyo ng mga ideya kung paano makahamp ng tagapagkaloob o klinika.

Anumang parmasya na tumatanggap ng Medi-Cal ay maaaring magbigay ng preskripsyon sa paggamot ng kalusugang mental na kondisyon.

Paano Ako Makakakuha ng Ibang Medi-Cal na mga Serbisyo (Primary Care/Medical) Na Hindi Sakop ng Aking MHP?

Mayroong dalawang paraan upang makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal na hindi sakop ng MHP:

1. Pagtala sa plano ng tagapamahala ng pangangalaga ng Medi-Cal.
 - Ang iyong plano sa pangkalusugan ay maghahanap para sa iyo ng tagapagkaloob kung kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
 Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
 O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Maaaring makakuha ang pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, isang oragnisasyon na nagpapanatili ng kalusugan o health maintenance organization (HMO), o pangunahing tagapangalaga ng tagapamahala ng kaso.
 - Kailangan mong gamitin ang mga tagapagkaloob at mga klinika sa planong pangkalusugan, maliban na lamang kung kinakailangan ng pangangalagang emerhensiya.
 - Maaaring gumamit ng tagapagkaloob sa labas ng iyong planong pangkalusugan para sa mga serbisyo sa pagplaplano sa pamilya.
2. Pagtanggap ng mga serbisyo mula sa mga tagapagkaloob ng indibidwal na pangangala sa kalusugan o mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal.
- Ikaw ay kumukuha ng pangangalaga sa pangkalusugan mula sa indibidwal na tagapagkaloob o mga klinika na tumatanggap ng Medi-Cal.
 - Kailangan sabihin sa iyong tagapagkaloob na ikaw ay may Medi-Cal bago ka nagsimula na kumuha ng mga serbisyo. Kung hindi man, ikaw ay maaaring masingil para sa mga serbisyong iyon.
 - Hindi kailangan makita ng mga tagapagkaloob ng indibidwal na tagapagalaga ng kalusugan o mga klinika ang mga pasyente ng Medi-Cal, o maaaring pumili lamang kung sinu ang titignan sa ilang mga pasyemnte ng Medi-Cal.

Paano kung Ako ay may Problema sa Alkohol o Droga?

Kung sa tingin mo ay kailangan mo ng mga serbisyo sa paggamot sa problemang alkohol o droga, makipag-ugnay sa Access and Crisis Line sa 1-888-724-7240. Ang mga tagapayo ay maaaring tumulong sa pagtasa ng iyong mga pangangailangan at magsangguni ng mga serbisyo sa sakit sa paggamit ng gamot.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
 Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
 O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

PAMANTAYAN SA PANGANGAILANGANG MEDIKAL

Ano ang pangangailangng Medikal at Bakit ito Mahalaga?

Ang pangangailangang medikal ay nangangahulugan na mayroong pangangailangang medikal para sa mga serbisyo sa espesyalidad na pangkalusugang mental, at maaarikang tulungan nitong mga serbisyong ito kung tinanggap mo ito.

Ang isang lisensyadong propesyonal sa kalusugang mental ay makikipag-usap sa iyo at tutulong na matukoy kung ikaw ay karapat-dapat para sa mga serbisyo ng espesyalidad na pangkalusugang mental at kung anung uri ng mga serbisyong espesyalidad na pangkalusugang mental ang nararapat. Ang pagpasya sa pangangailangang medikal ay ang unang hakbang sa proseso ng pagkuha ng mga serbisyo sa espesyalidad na kalusugang mental.

Hindi mo kailangan na malaman kung ikaw ay may mental na pangkalusugang dayagnosis para sa espesipikong sakit sa pag-iisip upang makahingi ng tulong. Ang MHP ay tututlong sa iyo na makakuha nitong impormasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pagtatasa sa iyong kondisyon . Kung ang resulta nitong pagdetermina ng pagtatasa na ikaw ay may kondisyon sa kalusugang mental na tumutugon sa pamantayan ng pangangailangang medikal, ang pagpapagamot sa espesyalidad na kalusugang mental ay maibibgay base sa iyong pangangailangan.



Ano ang mga Pamantayan sa Pangangailangang Medikal sa mga Taong nasa Edad 21 pababa?

Kung ikaw ay nasa edad na 21 pababa, may buong sakop ng Medi-Cal, at may dayagnosis sa sakop ng MHP, ang MHP ay kailangang magbigay sa iyo ng mga serbisyo ng espesyalidad na pangkalusugang mental kung ang mga serbisyong iyon ay makakatulong sa pagtuwid o pagpapabuti sa iyong mental na pangkalusugang kondisyon o upang makaiwas sa paglala ng iyong mental na pangkalusugang kondisyon.

Ano ang mga Pamanatayan ng Pangangailangang Medikal para sa mga Serbisyo sa Saykayatrikong mga Pasyente sa loob ng Hospital ?

Ikaw ay maaaring matanggap sa hospital kung ikaw at may sakit sa pag-iisip o mga sintomas ng sakit sa pag-iisip na hindi mapapagaling nang ligtas sa mababang antas ng pangangalaga, at dahil sa sakit sa pag-iisip o sintomas, ikaw ay:

- Kumakatawan ng kasalukuyang panganib sa iyong sarili o sa iba, o malubhang pagkasira sa ari-arian
- Ay hindi makapagbigay para sa pagkonsumo ng pagkain , damit, o tirahan
- Nagpapakita ng malubhang panganib sa iyong pisikal na kalusugan
- Magkaroon ng kasalukuyang, malubhang deteryorasyon ng abilidad sa pagganap
- Kailangan ng saykayatrikong ebalwasyon, paggamot ng medikasyon, o ibang paggamot na maaari lamang maibigay ng ospital



PAGPILI NG TAGAPAGKALOOB

Paano Ako Makakahanap ng Tagapagkaloob Para sa mga Serbisyo ng Espesyalidad na Pangkalusugang Mental na Aking Kailangan?

Ang ilang mga MHP ay nangangailangan na ikaw ay makakatanggap ng pag-apruba mula sa iyong MHP bago ka maaaring makipag-ugnay sa tagapagkaloob ng serbisyo. Isasangguni ka ng ilang mga MHP sa isang tagapagkaloob na nakahandang tignan ka. Ang ibang MHP ay pumapayag na makipag-ugnay sa tagapagkaloob nang direkta.

Maaaring maglagay ang MHP ng ilang mga limitasyon sa pagpili ng iyong mga tagapagkaloob. Ang iyong MHP ay kailangang magbigay ng pagkakataon na mamili sa pagitan ng dalawang tagapagkaloob noong una kang nagsumula, maliban na lamang kung ang MHP ay may mabuting rason kung bakit hindi maibigay ang napili (halimbawa, mayroon lamang isang tagapagkaloob na maaaring makapagbigay ng serbisyo na iyong kailangan). Papayagan ka rin ng iyong MHP na magpalit ng mga tagapagkaloob. Kung ikaw ay humiling na baguhin ang iyong tagapagkaloob, papayagan kang mamili ng MHP sa pagitan ng dalawang tagapagkaloob, maliban na lamang kung may mabuting rason na hindi gawin ito..

Minsan ang nakakontratang tagapagkaloob ng MHP ay umaalis nang kanilang sarili o sa hiling ng MHP. Kung nangyari ito, kinakailangan ng MHP na gumawa ng mabuting pagsisikap na magbigay ng kasulatang abiso sa bawat tao na tumatanggap ng mga serbisyo sa espesyalidad na pangkalusugang mental mula sa tagapagkaloob, sa loob ng 15 na araw pagkatapos malaman ng MHP na titigil sa pagtrabaho ang tagapagkaloob. Kung nangyari ito, kinakailangan na payagan ka ng iyong MHP na patuloy sa pagtanggap ng serbisyo mula sa tagapagkaloob na umalis sa MHP, kung maaari. Magtanong sa iyong MHP para sa “pagpapatuloy ng pangangalaga” kung nais mong ipagpatuloy na tignan ka iyong tagapagkaloob na hindi na nasa MHP.



Ang iyong MHP ay kailangan magpaskil ng kasalukuyang direktoryo ng tagapagkaloob ng online. Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa kasalukuyang tagapagkaloob o kung nais mong ng na-update na direktoryo ng mga tagapagkaloob, bumisita sa MHP website optumsandiego.com o tumawag sa libreng toll na numero ng MHP. Makikita ang kasalukuyang direktoryo ng tagapagkaloob ng elektroniko sa MHP na website, o sa papel na porma kung hiniling ito.

Maaari ba Akong Patuloy na Makakatanggap ng mga Serbisyo sa Aking Kasalukuyang Tagapagkaloob?

Kung ikaw ay tumatanggap nitong mga serbiyong pangkalusugang mental (mula sa ibang MHP, planong tagapamahala ng pangangalaga, o praktisyoner ng indibidwal na Medi-Cal), ikaw ay maaring humiling para sa “pagpapatuloy ng Pangangalaga” upang ikaw ay mananatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob, hanggang sa 12-buwan, sa ilalim ng ilang kondisyon, kasama, ngunit hindi limitado sa, lahat ng mga sumusunod:

- Ikaw ay may kasalukuyang relasyon sa tagapagkaloob na iyong hinihiling;
- Kailangan mong manatili sa iyong kasalukuyang tagapagkaloob upang ipagpatuloy ang kasalukuyang pagpapagamot o dahil ito ay makakasakit sa iyong kalusugang mental an kondisyon na bagihin sa ibang tagapagkaloob;
- Natutuginan ng tagapagkaloob ang mga pangangailangan sa ilalim ng estado at batas pederal; at,
- Pumapayag ang tagapagkaloob sa mga tuntunin ng MHP sa pagkontrata sa MHP.



SAKOP NG MGA SERBISYO

Kung natugunan mo ang mga panuntunang pangangailanga ng medikal para sa mga serbisyo ng espesyalidad ng kalsusgang mental , ang mga sumusunod na mga serbisyo ay magagamit base sa iyong pangangailangan. Ang iyong tagapagkaloob ay tutulong sa iyo para pagpasyahan ang mga serbisyo na pinakamabuti para sa iyo.

- **Mga Serbisyong sa Mental na Kalusugan**

- Ang Pangkalusugang mental ay mga serbisyo na indibidwal, grupo, o base sa pagpapagaling ng pamilya na nakakatulong sa mga taong may sakit sa pag-iisip na nahihirapan sa pangaraw-araw na pamumuhay. Kasam din ng serbisyong ito ang mga pakikipagsapalaran ng tagapagkaloob upang makatukong sa pagpapabuti ng mga serbisyo sa mga taong tumatanggap ng serbisyo. Kasama ng mga bagay na ito: mga pagtatasa upang makita kung kinakailangan ng mga serbisyo at kung epektibo ang serbisyo; pagplano sa pagpapaunlad upang pagpasyahan ang mga layunin sa pagpapagaling ng iyong mental na kalusugan at nga espesipikong mga serbisyo na maibibigay, at “kolateral,” na nangangahulugan na makikipagsapalaran kasama ang miyembro ng pamilya at mahaglagang mga tao sa iyong pamilya (kung iyong pinahintulutan) upang tulungan ka na mapaunlad o mapanatili ang iyong kakayahan sa pangaraw-araw. Maibibigay ang mga serbisyo sa mental na kalusgan sa klinika o opisina ng tagapagkaloob, sa pamamagitan ng telepono o telemedesina, o sa iyong tahanan o sa ibang pagtatakda sa lipunan.



- **Mga Serbisyo sa Suporta sa Medikasyon**

- Kasama ng mga serbisyong ito ang pagreseta, pamamahala, pagbibigay, at pagbabantay sa mga saykayatrikong mga gamot; at edukasyon na kaugnay ng mga saykayatrikong mga gamot. Maibibigay ang mga suporta sa medikasyon sa klinika o opisina ng tagapagkaloob, sa pamamagitan ng telemedesina, o sa tahanan o ibang pagtatakda sa lipunan.

- **Mga Nakatarget na Pamamahala sa Kaso**

- Itong serbisyong ito ay tumutulong sa pagkuha ng medikal, edukasyonal, sosyal, prebokasyonal, bokasyonal, rehabilitasyon o ibang mga serbisyo sa komunidad kung ang mga serbisyong ito ay mahirap sa mga tao na may sakit sa pag-iisip na kunin ng mag-isa. Kasama ng nakatarget na pamamahala sa kaso ang plano sa pagpapaunlad, komunikasyon koordinasyon at pagsasangguni; ang pagbabantay sa serbisyo sa pagdedeliver at sistema sa serbisyong pagdeliver; at pagbabantay sa progreso ng isang tao.

- **Mga Serbisyo sa Interbensyon sa Krisis**

- Itong serbisyong ito ay magagamit sa paglutas sa mga kritikal na kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang layunin ng interbensyon sa krisis ay upang makatulong sa komunidad, upang hindi sila mapunta sa ospital. Ang interbensyon sa krisis ay maaaring magtagal hanggang sa walong oras ang maaaring maibigay ng klinika o opisina ng tagapagkaloob, sa telepono o sa pamamagitan ng telemedesina, o sa tahanan o ibang nakatalagang komunidad.



- **Mga Serbisyo sa Stabilisasyon ng Krisis**

- Ang serbisyong ito ay magagamit upang malutas ang kritikal na kondisyon na nangangailangan ng agarang atensyon. Ang stabilisasyon sa krisis ay maaaring magtagal sa 20 na oras at maaaring maibigay sa isang lisensyadong pasilidad na may 24 oras na pangangalaga sa kalusgan , sa isang ospital na base sa programang sa pasyente sa labas, o sa isang lugar ng tagapagkaloob na sertipikado sa pagbibigay ng mga serbisyo sa stabilisasyon ng krisis.

- **Mga Serbisyo ng Pagpapagaling sa mga Adultong nasa Residensyal**

- Itong mga serbsiyong ito ay nagbibigay ng pagpapagaling sa mental na kalusgan at pagpapaunlad ng kasanayan ng mga tao na nakatira sa isang lisensyadong pasilidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa pagpapagaling sa residenyal sa mga taong may sakit sa pag-iisip. Itong mga serbisyona ito ay magagamit 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang lingo. Hindi sakop ng Medi-Cal ang gastusin sa silid at paninirahan sa pasilidad na naghahain ng mga serbisyo sa pagpapagaling ng mga adulto sa isang residenyal.

- **Mga Serbisyo sa Pagpapagaling ng Krisis sa Residenyal**

- Itong serbisyong ito ay nagbibigay ng pagpapagaling sa mental na kalusgan at pagpapaunlad ng kasanayan sa mga tao na may seryosong mental at emosyonal na krisis, ngunit hindi nangangailangan ng saykayatrikong ospital. Ang mga serbisyo ay magagamit 24 oras sa isang araw, pitong araw sa isang lingo sa mga lisensyadong mga pasilidad. Hindi sakop ng Medi-Cal ang gastusin sa silid at paninirahan sa pasilidad na naghahain ng mga serbisyo sa pagpapagaling sa krisis sa residenyal.



- **Mga Serbisyo sa Intensibong Pagpapagamot Tuwing Araw**

- Ito ay isang istrukturang programa ng pagpapagaling sa mental na kalusugan na ibinbigay sa isang grupo ng mga tao na nangangailangan na nasa ospital o sa ibang pasilidad na may 24 oras na pangangalaga. Nagtatagal ang programa nang hindi lalampas sa tatlong oras sa isang araw. Ang mga tao ay maaaring pumunta sa kanilang tahanan sa gabi, kasama ng programa ang mga aktibidad sa pagpapaunlad ng kasanayan at mga terapi at pati saykoterapi.

- **Rehabilitasyon Tuwing Araw**

- Itong istrukturang programa ay dinesenyo na makakatulong sa mga tao na may sakit sa pag-iisip at pagpapaunlad sa kakayahang at kasanayan sa buhay at pamamahala sa sintomas ng sakit sa pag-iisip ng mas epektibo. Ang programa ay nagtatagal ng tatlong oras sa isang araw. Kasama ng programa ang aktibidad sa pagpapaunlad ng kasanayan at mga terapi.

- **Mga Serbisyo sa Saykayatrikong mga Pasyente sa Loob ng Ospital**

- Ito ang mga serbisyo na ibinibigay sa isang lisensyado na saykatrikong ospital base sa determinasyon ng isang lisensyadong propesyonal sa mental na kalusugan na ang taong nangangailangan ng intensibong 24 na oras sa pagpapagaling ng mental na kalusugan.

- **Mga Serbisyo sa Saykayatrikong Pasilidad sa Kalusugan**

- Ang mga serbisyong ito ay binibigay ng lisensyadong pasilidad sa mental na pasilidad na dalubhasa sa isang 24 oras na pagpapagaling sa rehabilitasyon ng seryosong kondisyon sa mental na kalusugan. Ang mga



Saykayatrikong mga pasilidad sa kalusugan ay kinakailangan ng kasunduan na malapit sa ospital o klinika upang matugunan ang mga pangangailangan ng pisikal na pangangalaga ng mga tao sa pasilidad.

May mga Espesyal ba na mga Serbisyo na Magagamit Para sa mga Bata, mga Kabataan, at/o nakababatang mga Adulto?

Ang mga benepisyaryo na nasa edad na 21 pababa ay karapat-dapat na makakakuha ng karagdagang mga serbisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng mga benepisyaryo na kung tawagin ay Early and Periodic Screening, Diagnostic, and Treatment (EPSDT).

Para maging karapat-dapat sa mga serbisyo ng EPSDT, ang benepisyaryo ay kailangan nasa edad 21 pababa at may buong saklaw ng Medi-Cal. Sakop ng EPSDT ang mga serbisyo na kailangan sa pagtuwid o pagpapabuti ng kondisyon sa mental na kalusugan o upang maiwasan ang paglala sa kondisyon sa mental na kalusugan.

Tanungin ang iyong tagapagkaloob tungkol sa mga serbisyo. Ikaw ay makakakuha ng mga serbisyo kung ang iyong tagapagkaloob at ang iyong MHP ay maghahanap ng iyong kailangan dahil ito ay pangangailangang medikal.

Kung ikaw ay may mga katanungn tungkol sa benepisyaryo ng EPSDT , mangyaring tumawag sa 1-888-724-7240.

Magagamit ang mga susmusunod mula sa MHP para sa mga bata, mga tinedyer, ang mga kabataan na 21 edad pababa: Mga Serbisyon sa Terapyutikong Pag-uugali o Therapeutic Behavioral Services (TBS), Koordinasyon sa Intensibong Pangangalaga o



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Intensive Care Coordination (ICC), Mga Intensibong mga Serbisyo na Base sa Tahanan o Intensive Home Based Services (IHBS), at Mga Serbisyo sa Therapeutic Foster Care(TFC).

Mga Serbisyo sa Terapyutikong Pag-uugali

Ang TBS ay intensibo, indibidwal, panandalian na interbensyon sa mga nagpapagaling na pasyente sa labas para sa mga benepisyaryo 21 na edad pataas. Ang mga indibidwal na mga tumatanggap ng mga serbisyo ay may seryosong emosyonal na gulo, ay nakakaranas ng nakakabahalang transisyon o krisis sa buhay, at karagdagang panandaliang pangangailangan, espesipikong mga serbisyo sa pagsuporta upang makamantan ang espesipikong kinalalabasan sa kanilang plano sa kasulatang pagpapagaling.

Ang TBS ay isang uri ng serbisyo sa espesyalidad sa kalusugang mental na magagamit sa pamamagitan ng bawat MHP kung ikaw ay may seryosong emosyonal na problema. Upang makuha ng TBS, kinakailangan makatanggap ng serbisyo sa mental na kalusugan , nasa edad 21 pababa, at may buong sakop sa Medi-Cal.

- Kung ikaw ay naninirahan sa tahanan, ang isang tauhan ng TBS ay maaaring makipagsapalaran sa iyo ng isahan upang mabawasan ang malubhang problema sa pag-uugali upang maiwasan ang pangangailangan na pumunta sa mataas na antas ng pangangalaga, tulad ng grupo sa tahanan para sa mga bata, mga tinedyer, at mga kabataan na may seryodong problema sa emosyon.
- Kung ikaw ay naninirahan sa isang grupo sa tahanan para sa mga bata, mga tinedyer, at mga kabataan na may seryosong problema sa emosyon, ang tauhan



ng TBS ay maaaring tumulong sa iyo upang ikaw ay maaaring mapunta sa isang mas mababang antas ng pangangalaga, tulad ng foster home o pabalik sa tahanan. Ang TBS ay tutulong sa iyo, ang iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga na matuto ng mga bagong mga paraan ng pagtaas ng uri ng mga pag-uugali na nagpapahintulot na maging matagumpay. Ikaw, ang mga tauhan ng TBS at ang iyong pamilya, tagapangalaga, o tagapag-alaga na tutulong bilang lupon upang tugunan ang mga problema sa pag-uugali para sa panandaliang panahon, hanggang hindi o hindi na kailangan ang TBS. Ikaw ay mayroong plano sa TBS na magsasabi sa iyo, ang iyong pamilya, tagapangalaga, tagapag-alaga, o tauhan ng TBS na gawin tuwing TBS, at kung kelan at saan magaganap ang TBS. Ang tauhan ng TBS ay tutulong sa iyo sa mga lugar na maaaring kinakailangan ng tulong sa iyong problema sa pag-uugali. Kasama ang iyong tahanan, foster home, tahanan ng grupo, paaralan, programa sa pagpapagaling tuwing araw, at ibang mga lugar sa komunidad.

Koordinasyon ng Intensibong Pangangalaga

Ang ICC ay isang serbisyong nakatarget na pamamahala na kaso na namamahala sa pagtatasa ng pagplaplano ng, pagplaplano ng pangangalaga, at serbisyo sa koordinasyon sa mga benepisyaryo ng edad 21 pababa na karapat-dapat para sa buong sakop ng serbisyong Medi-Cal at natugunan ang mga pamantayan ng pangangailangang medikal para sa serbisyong ito.

Ang mga sangkap ng serbisyo ng ICC kasama ang pagtatasa; plano at implementasyon sa serbisyo; pagbabantay at pakikibagay; at transisyon. Ang mga serbisyo ng ICC ay binibigay sa pamamagitan ng mga prinsipyo ng Integrated Core Practice Model (ICPM), kasama ang pagtatag ng Child and Family Team (CFT) upang siguraduhin ang pasilidad ng relasyong pagtutulungn sa mga bata, kanilang pamilya, at mga sistemang kasama sa serbisyo ng bata.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Kasama ng CFT ang pormal na suporta (tulad ng koordinator sa pangangalaga, mga tagapagkaloob, at tagapamahala ng kaso mula sa mga ahensiya ng serbisyo sa bata) natural na suporta (tulad ng miyembro ng pamilya, kapit-bahay, mga kaibigan, at klergy), at ibang mga indibidwal na tumutulong sa pag-unlad at pag-impleta ng plano ng kliyente at responsible sa pagsuporta ng mga bata at kanilang mga pamilya sa pagtupad ng kanilang mga layunin. Ibinibigay din ng ICC ang Koordinator ng ICC na :

- Siguraduhin ang mga serbisyo ng pangangailangang medikal ay na-access, nakikipagtulungan, at naibigay base sa lakas, naka-indibidwal, nakatuon sa mga kliyente, at karampatang paraan sa kultura at wika.
- Siguraduhin na ang mga serbisyo at mga suporta ay ginagabayan ng mga pangangailangan ng mga bata.
- Namamahala sa relasyong nakikipagtulungan sa mga bata, kanilang mga pamilya, at mga sistemang kasama sa pagbibigay ng mga serbisyo sa kanila.
- Pagsuporta sa mga magulang/ tagapangalaga sa kanilang pagpupulong ng pangangailangan ng mga bata.
- Pagtulong sa pagtatag ng CFT at pagbigay ng patuloy na suporta.
- Pagorganisa at pagtugma sa pangangalaga ng mga tagapagkaloob at mga sistema ng serbisyo sa mga bata upang payagan na masilbihan ang mga bata sa komunidad.

Mga Intensibong Serbisyo na Base sa Tahanan

Ang mga IHBS ay naka-indibidwal, lakas na base sa interbensyon na nakadiseno upang palitan o palakasin ang mga kondisyon ng metal na kalusugan na maaaring humadlang sa pagganap ng mga bata/kabataan at layuning tumulong sa pagpapabuti ng mga kasanayan ng mga bata/kabataan na kailangan para sa tagumpay na pagganap sa tahanan at komunidad.



Ang mga serbisyo ng IHBS ay binibigay ayon sa pagpapaunlad ng planong indibidwal na pagpapagaling na naayon sa ICPM ng CFT na may koordinasyon sa pangkalahatang plano ng pamilya, na maaaring kasama , ngunit hindi limitado sa pagtatasa, pagpapaunlad ng plano, therapy, rehabilitasyon at kolateral. Ibinibigay ng IHBS ang mga benepisyaryo na nasa edad 21 pababa na karapt-dapat para sa buong sakop ng serbisyo sa Medi-Cal na tumutugon sa pamantayan ng pangangailangan ng medikal na serbisyo.

Therapeutic Foster Care

Ang serbisyo ng TFC na modelo ay pumapayag para sa probisyon ng panandaliang , intensibo, nalamang-trauma, at mga serbisyo ng indibidwal na espesyalidad sa kalusugang mental para sa mga bata 21 pataas na may komplikadong emosyonal at pag-uugali na pangangailangan. Sa TFC, ang mga bata ay inilalagay sa mga nasanay, napamahalaang mabuti, at mga nasuportang magulang ng TFC.



MALUBHANG DETERMINASYON NG BENEPISYO NG IYONG MHP

Ano ang aking mga Karapatan Kung Tinanggihan ng MHP ang mga Serbisyo na Aking Nais o sa Tingin ko na Aking Kailangan?

Kung tinanggihan, nilimitahan, inantala o tinigil ang mga serbisyo na iyong nais o pinaniniwalaang kailangan mong kunin, ikaw ay may karapatan para sa Abiso (tinatawag na “ Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyong”) mula sa MHP. Ikaw rin ay may karapatang hindi sumang-ayon sa pasya sa pamamagitan ng paghiling ng “karaingan” o “apila”. Ang seksyon sa ibaba ay tumatalakay sa iyong mga karapatan para sa Abiso at kung ano ang gagawain kung hindi sumang-ayon sa pasya ng MHP.

Ano ang Malubhang Determinasyon ng Benepisyong?

Ang Malubhang Determinasyon ng Abiso ay alin sa mga sumusunod:

- Kung ang iyong MHP o isa sa mga tagapagkaloob ay nagpasya na hindi ka kwalipikado na tumanggap ng mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan ng Medi-Cal dahil hindi mo natugunan ang pamanatayan ng medikal na panagngailangan.
- Kung sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ng serbisyo ng espesyalidad na mental na kalusugan at humiling sa MHP ng pag-apruba, ngunit hindi sumasang-ayon ang MHP at tinanggihan ang hiling ng tagapagkaloob, o binawasan ang uri ng dalas ng serbisyo. Maraming mga panahon na ikaw ay makakatanggap ng Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyong bago mo matanggap ang benepisyong, ngunit minsan ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ay makakarating pagkatapos mo natanggap ang serbisyo, o habang ikaw ay tumatanggap ng serbisyo. Kung ikaw ay nakakuha



ng Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo pagkatapos mo na natanggap ang serbisyo, hindi mo kailangan magbayad para sa serbisyo.

- Kung ang iyong tagapagkaloob ay humingi ng pag-apruba ng MHP, ngunit kailangan pa ng MHP ng karagdagang impormasyon sa paggawa ng pasya at hindi kinumpleto ang pag-apruba sa proseso sa tamang oras.
- Kung ang iyong MHP ay hindi nagbigay ng mga serbisyo sa iyo base sa pamantayang oras ng appointment na kinakailangang sundan (sumangguni sa pahina 24).
- Kung ikaw ay naghain ng karaingan sa MHP at ang MHP ay hindi tumugon sa iyo sa isang kasulatan na pasya sa iyong karaingan sa loob ng 90 na araw.
- Kung ikaw ay naghain ng apila sa MHP at ang MHP ay hindi tumugon sa iyo ng kasulatang pasya sa iyong apila sa loob ng 30 na araw, o kung ikaw ay naghain ng pinabilis na apila, at hindi tumanggap ng tugon sa loob ng 72 na oras.

Ano ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo?

Ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo ay isang liham na pinapadala ng MHP sa iyo kung ito ay gumawa ng pasya na tanggihan, limitahan, i-antala, o itigil ang serbisyo na sa tingin mo at ng iyong tagapagkaloob na kailangan kunin. Ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo din ay ginagamit na sabihin kung ang iyong karaingan, apila, o pinabilis na apila ay hindi naresolba sa tamang oras, o kung hindi mo nakuha ang mga serbisyo sa loob ng pamantayang oras ng MHP sa pagbigay ng serbisyo.

Ano ang Sinasabi ng Abiso ng Malubhang Determinasyon?

Ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo ay magsasabi sa iyo ng:

- Ang ginawang desisyon ng iyong MHP na maaaring makapekto sa iyo at sa iyong abilidad na makakuha ng mga serbisyo
- Ang petsa ng desisyon kung kelan ito magiging epektibo at ang rason ng desisyon



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Ang basehan ng desisyon ayon sa estado at pederal na pamantayan
- Ang iyong mga karapatan kung hindi ka sumang-ayon sa desisyon ng MHP
- Paano ka maghain ng apila sa MHP
- Paano humiling ng Pagdinig sa Estado kung ikaw ay hindi masaya sa desisyon ng MHP sa iyong apila
- Paano humiling ng pinabilis na apila o pinabilis na Pagdinig sa Estado
- Paano makakuha ng tulong sa paghiling ng apila o paghiling ng Pagdinig sa Estado
- Gaano katagal ang kailangan mo sa paghain ng apila o paghiling Pagdinig sa Estado
- Kung ikaw ay karapat-dapat sa pagpapatuloy na pagtanggap ng mga serbisyo habang inaanatay ang apila o desisyon ng Pagdinig ng Estado
- Kailan mo maaaring ihain ang iyong apila o Pagdinig sa Estado kung kailangan mo ng pagpapatuloy ng serbisyo

Ano ang Aking Kailangan Gawin Kapag Nakakuha ng Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo?

Kapag ikaw ay nakakuha ng Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo, kailangan mong basahin lahat ng impormasyon sa form nang mabuti. Kung hindi mo naintindihan ang form, maaaring makatulong ang iyong MHP. Maaari ring humingi ng tulong sa ibang tao.

Kung sinabi ng MHP sa iyo na ang iyong mga serbisyo ay titigil o mababawasan at hindi ka sumang-ayon sa pasya, ikaw ay may karapatan na humiling ng apila ng desisyon na iyon. Ikaw ay maaaring magpatuloy na kumuha ng serbisyo hanggang ang iyong apila o Pagdinig sa Estado ay napagpasyahan. **Ikaw ay kailangan humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo nang hindi lalampas sa 10 arwa pagkatapos mo natanggap ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo o bago ang petsa ng pagiging epektibo ng pagbabago.**



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
 Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
 O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

ANG PROSESO NG PAGRESOLBA NG PROBLEMA: MAGHAIN NG KARAINGAN O APILA

Paano Kung Hindi ko Nakuha ang mga Serbisyo na Nais Mula sa Aking MHP?

Ang iyong MHP ay kailangan na magkaroon ng proseso para sa iyo na resolbahan ang mga reklamo o problema tungkol sa anumang isyu na naaayon sa mga serbisyo ng espesyalidad na mental na kalusugan na iyong nais o tinatanggap. Ito ay tinatawag na proseso ng pagresolba ng problema at maaaring kasama ang:

1. **Ang Proseso ng karaingan:** isang pagpapahayag ng pagkalungkot tungkol sa anuman sa mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan o ang MHP.
2. **Ang Proseso ng Apila:** Ang pagsusuri ng pasya (hal. Pagtangga o mga pagbabago sa mga serbisyo) na ginawa tungkol sa mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan ng MHP o ang iyong tagapagkaloob.
3. **Ang Proseso ng Pagdinig sa Estado:** ang proseso ng paghiling ng administratibong pagdinig sa harap ng hukom ng batas adminstatibo kung tinaggihan ng MHP ang iyong apila.

Ang paghain ng karaingan, apila, Pagdinig sa Estado ay hindi mabibilang laban sa iyo at hindi makakaapekto sa mga serbisyo na iyong tinatanggap. Ang paghain ng karaingan o apila ay makakatulong sa iyo na makuha ang mga serbisyo na iyong kailangan at maresolba ang anumang problema na mayroon sa iyong mga serbisyo ng espesyalidad na mental na kalusugan. Ang mga karainagan at mga apila ay makakatulong din sa MHP sa pamamagitan ng pagbibigay ng impormasyon sa kanila na maaaring gamitin sa pagpapabuti ng mga serbisyo. Kapag nakumpleto ang karaingan o apila, aabisuhan ka at ng iba ng iyong MHP sa pinal na kinalalabasan. Kapag napagpasyahan ang iyong Pagdinig sa Estado, aabisuhan ka at ng iba ng Opisina ng Pagdinig ng Estado ng pinal na kinalalabasan. Matututunan mo ang bawat problema sa proseso ng resolusyon sa ibaba.



Maaariba ba Akong Makakuha ng Tulong sa Paghain ng Apila, Karaingan, o Pagdinkig sa Estado?

Ang iyong MHP ay magpapaliwang sa mga proseso na ito sa iyo at kinakailangan na tulongan ka sa paghain ng karaingan, apila o paghiling ng Pagdinig sa Esatdo. Ang MHP ay maaari ring tumulong sa pagpasya kung ikaw ay kwalipikado para sa tinatawag na proseso ng "pinabilis na apila", na nangangahulugang ito ay masusuri nang mas mabilis dahil ang iyong kalusugan at/o estabilidad ay nasa panganib. Ikaw rin ay maaaring magbigay ng pahintulot sa ibang tao na gumanap para sa iyo, kasama ang tagapagkaloob ng espesyalidad sa mental na kalusgan.

- Para sa mga Serbisyo ng mga Pasyente sa Loob o Residenyal, tumawag sa JFS Patient Advocacy sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.
- Parsa sa mga Serbisyo ng mga Pasyente sa labas, tumawag sa sa Consumer Center for Health Education & Advocacy (CCHEA) sa 1-877-734-3258.

Maaari bang Tumulong sa Akin ang Estado sa Aking Problema/mga Katanungan?

Ikaw ay maaaring makipag-ugnay sa Department of Health Care Services, Office of the Ombudsman, Lunes hanggang Biyernes , 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa holiday), sa telepono sa (888) 452-8609 o sa pamamagitan ng e-mail sa MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov. Tandaan: ang mga mensahe sa e-mail ay hindi kinokonsiderang kumpidensyal. Hindi mo kailangang ilagay ang mga personal na impormasyon sa isang mensahe ng e-mail .

Ikaw rin ay maaaring makakuha ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na opisina ng tulong o ibang mga grupo. Ikaw rin ay maaaring makipag-ugnay sa California Department of Social Services (CDSS) upang makahiling ng iyong karapatan sa pagdinig sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Public Inquiry and Response Unit sa telepono sa (800) 952-5253 (para sa TTY, tumawag sa (800) 952-8349).



ANG PROSESO NG KARAINGAN

Ano ang Karaingan?

Ang karaingan ay isang pagpapahayag ng pagkadismaya tungkol sa anuman sa mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusgan na hindi isa sa mga problema na sakop ng apila o proseso ng Pagdinig sa Estado.

Ano ang Proseso ng Karaingan?

Ang proseso ng karaingan ay isang proseso ng MHP para sa pagsususri ng iyong karaingan o reklamo tungkol sa mga serbisyo o ang MHP.

Ang karaingan ay maaaring magawa anumang oras nang pasalita o kasulatan, at ang paggawa ng karaingan ay hindi magkakadulot ng pagkawala ng iyong mag karapatan o serbisyo. Kung ikaw ay naghain ng karaingan, ang iyong tagapagkaloob ay hindi mangongoblema.

Ikaw ay maaaring magpahintulot ang ibang tao, o ang iyong tagapagkaloob, na gumanap para sa iyo. Kung ikaw ay nagpahintulot sa ibang taon na gumanap para sa iyo, ang MHP ay maaaring humiling sa iyo na lagdaan ang form na nagpapahintulot ng paglabas ng impormasyon sa taong iyong ng MHP.

Anumang tao na nagtrabaho para sa MHP na nagpasya na ang karaingan ay kwalipikado na gawin ang desisyon at hindi sangkot sa anumang antas sa nakaraang pagsususri o paggawa ng desisyon.



Kailan Ako Maaaring Maghain ng Karaingan?

Ikaw ay maaring maghain ng karaingan anumang oras kasama ang MHP kung ikaw ay hindi masaya sa mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan o may ibang mga pagalala tungkol sa MHP.

Paano Ako Maghahain ng Karaingan?

Ikaw ay maaaring tumawag sa iyong MHP upang makakuha ng tulong sa karaingan. Ang mga karaingan ay maaaring maihain nang pasalita o sa kasulatan. Ang mga pasalitang mga karaingan ay hindi kailangng i-follow-up sa pamamagitan ng isang kasulatan, magbibigay ng MHP ng naka-address sa sarili na mga sobre sa lahat ng mga lugar ng tagapagkaloob para ipadala sa koreo ang iyong karaingan. Kung ikaw ay walang sobre na naka-address sa sarili, maaaring mo ipadala sa koreo ang iyong karaingan nang direkta sa address na makikita sa handbook na ito.

- Para sa mga Serbisyo sa mga Pasyente sa Loob o Residensyal, tumawag sa JFS Patient Advocacy sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.
- Para sa mga Serbisyo sa mga Pasyente sa Labas, tumawag sa Consumer Center for Health Education & Advocacy (CCEA) sa 1-877-734-3258.

Paano ko Malalaman Kung Natanggap ng MHP ang Aking Karaingan?

Ipapaalam sa iyo ng iyong MHP kung natanggap ang iyong karaingan sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng kasulatang kompirasyon.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Kailang Mapagpapasyahan ang Aking Karaingan?

Ang MHP ay magpapasya sa iyong karaingan sa loob ng 90 na araw sa kalendaryo mula sa petsa ng iyong inihain ang iyong karaingan. Ang mga timeframe sa paggawa ng desisyon ay maaaring pahabain sa hanggang 14 na araw ng kalendaryo kung ikaw ay humiling na pahabain ito, o kung sa tingin ng MHP na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagka-antala ay para sa iyong benepisyo. Ang halimbawa ng kung saan ang pagka-antala ay may maaaring makabenepisyo sa iyo ay kung sa tingin ng MHP na maaaring maresolba ang iyong karaingan kung may mas lalong oras upang makalikom ng impormasyon mula sa iyo o sa ibang tao na kasangkot.

Paano ko Malalaman kung ang MHP ay nakapagpasya sa Aking Karaingan?

Kung napagpasyahan ang iyong karaingan, aabisuhan ka o ang iyong kinatawan ng MHP sa pamamagitan ng kasulatan ng desisyon. Kung bigo ang iyong MHP na abisuhan ka o sinumang naapektong partido ng pasya ng karaingan sa tamang oras, magbibigay ang MHP ng Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo na nagpapayo sa iyo ng iyong mga karapatan na humiling ng Pagdinig sa Estado. Ang iyong MHP ay magbibigay ng Abiso ng Malubhang Determinasyon sa Benepisyo sa petsa na matatapos ang timeframe. Maaari mong tawagan ang MHP para sa karagdagang impormasyon kung hindi mo natanggap ang Abiso ng Malubhang Determinasyon sa Benepisyo.

Mayroon bang Taning sa Paghain ng Karaingan?

Hindi, ikaw ay maaaring maghain ng karaingan sa anumang oaras.



ANG PROSESO NG APILA (KARANIWAN AT PINABILIS)

Pinapayagan ka ng iyong MHP na humiling ng pagsusuri sa ilang mga napagpasyahan na desisyon ng MHP o ang iyong tagpagkaloob tungkol sa mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan. My dalawang paraan upang ikaw ay makahiling ng pagsusuri. Ang isang paraan ay ang paggamit ng karaniwang proseso ng apila. Ang isang paraan ay ang paggamit ng pinabilis na proseso ng pag-apila. Ang dalawang proseso ng apila na ito ay pareho; subalit, may mga tiyak na pangangailangan ang nakapaliwanag upang maging kwalipikado para sa pinabilis na apila. Ang mga tiyak na pangangailangan ay ipinaliwanag sa ibaba.

Ano ang Pangkaraniwang Apila?

Ang karaniwang apila ay isang hiling para suriin ang desisyon na nagawa ng MHP o ang iyong tagpagkaloob na kasangkot sa pagtanggì o pagbago sa mga serbisyo na sa tingin mo na kailangan mo. Kung ikaw ay humiling ng karaniwang apila, ang MHP at maaaring umabot ng hanggang 30 na araw sa pagsusuri. Kung sa tingin mo ng paghintay ng 30 na araw ay magbibigay ng panganib sa iyong kalusugan, kailangan mong humiling nga “pinabilis na apila”

Ang karaniwang proseso ng apila ay :

- Payagan ka na maghain ng apila na pasalita o sa kasulatan. Kung iyong isinumite ang iyong apila ng pasalita, kailangan mo i-follow up ng isang nalagdaan na kasulatang apila. Ikaw ay maaaring makakakuha ng tulong sa pagsusulat ng apila. Kung hindi mo i-follow up ng isang nalagdaan na kasulatang apila, ang iyong apila ay hindi mareresolba, Ngunit, ang iyong petsa na kung kelan mo isinumite ang pasalitang apila ay ang petsa ng paghain.



- Siguraduhin na ang apila ay hindi mabibilang laban sa iyo o ang iyong tagapagkaloob sa anumang paraan.
- Payagan na pahintulutan ang ibang tao na gumanap para sa iyo, kasama ang tagapagkaloob. Kung iyong pinahintulutan ang isang tao na gumanap para sa iyo, ang MHP ay maaring lumagda sa isang form na magbibigay ng pahintulot na maglabas ng impormasyon sa taong iyon.
- Ipagpatuloy ang iyong mga benepisyo sa kahilingan para sa isang apila sa loob ng kinakailangan na timeframe, na 10 araw mula sa petsa na ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ay naipadala sa koreo o personal na ibinigay sa iyo. Ikaw ay hindi kailangan na magbayad para sa patuloy na serbisyo habang a nakaantala ang apila. Ngunit, kung ikaw ay humiling ng pagpapatuloy ng benepisyo, at ng pinal na pasya ng apila ay kinumpirma na bawasan o itigil ang serbisyo na iyong tinatanggap, ikaw ay maaaring magbayad ng halaga ng mga serbisyo na ibinigay habang nakaantala ang apila.
- Siguraduhin na ang mga indibidwal na gumagawa ng desisyon sa iyong apila ay kwalipikado na gawin ito at hindi kasangkot sa anumang nakaraang pagsususri o paggawa ng desisyon .
- Payagan ka o ang iyong kinatawan na suriin ang iyong file ng kaso, kasama ang iyong medikal na rekord, at anumang ibang dokumento o mga rekord na kinokonsiderang sa proseso ng apila.
- Payagan ka na kumuha ng risonableng oportunidad na mabigbig ng ebidesya at testimonya at gumawa ng legal at totoong argumento, nang personal, o sa kasulatan.



- Payagan ka , o ang iyong kinatawan, o legal na kinatawan ng isang pagmamay-ari ng namatayan na miyembro na kasama sa mga partido ng apila.
- Ipaalam sa iyo ang iyong apila na sinusuri sa pamamagitan ng pagpapadala sa iyo ng kasulatang kumpirmasyon.
- Ipaalam sa iyo ang iyong karapatan na humiling ng Pagdinig sa Estado, kasunod ng proseso ng apila sa MHP.

Kailan Ako Maaaring Maghain ng Apila?

Ikaw ay maaaring maghain ng apila sa iyong MHP sa anumang mga sumusunod na sitwsyon:

- Ang MHP o isa sa mga nakakontratang mga tagapagakloob ay nagpasya na ikaw ay hindi kwalipikado sa pagtanggap ng mga serbsiyong espesyalidad ng mental na kalusugan dahil hindi nyo natugunan ang pamantayan ng panganagilangang medikal.
- Sa tingin ng iyong tagapagkaloob na kailangan mo ng serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan at humingi ng pag-apruba ng MHP, ngunit hindi sumasang-ayon ang MHP at tinaggihan ang iyong hiling sa tagapagkaloob, o binago ang uri ng dalas ng serbisyo.
- Hiniling ng iyong tagapagkaloob ang pag-apruba ng MHP, ngunit kailangan ng MHP ng karagdagang impormasyon upang makapagpasya at hindi nakumpleto ang proseso ng pag-apruba sa tamang oras.
- Ang iyong MHP ay hindi nagbibigvay ng serbisyo sa iyo base sa mga timeline na itinakda ng MHP.



- Sa tingin mo ang MHP ay nagbibigay ng mga serbisyo sa tamang oras na makamit ang iyong pangangailangan.
- Ang iyong karaingan, apila, o pinabilis na apila ay hindi naresolba sa tamang oaras.
- Ikaw at ang iyong tagapagkaloob ay hindi sumasang-ayon sa mga serbisyo ng espesyalidad sa mental na karaingan na iyong kailangan.

Paano Ako Makakahain ng Apila?

Ikaw ay maaaring tumawag sa iyong MHP upang mahingi ng tulong sa paghain ng apila. Magbibigay ng mga sobre na naka-address mula sa iyo ang MHP sa lahat ng mga lugar ng tagapagkaloob para ipadala ang iyong apila sa koreo. Kung ikaw ay walang sobre na may sariling address mula sa iyo, ikaw ay maaaring magpadala ng iyong apila nang direkta sa koreo sa address sa harapan nitong hanbuk o maaaring isumite ang iyong apila sa e-mail sa ContactBHS.hhsa@sdcounty.ca.gov o fax sa 619-236-1953. Ang mga apila ay maaaring maihan nang pasalita o sa kasulatan. Kung isinumite mo ang apila nang pasalita, ikaw ay kailangan mag-follow up ng nalagdaan na kasulatang apila.

Paano ko Malalaman Kung ang Aking Apila ay Napagpasyahan?

Aabisuhan ka ng isang kasulatan o ang iyong kinatawan ng iyong MHP tungkol sa desisyon ng iyong apila. Ang abiso ay may sumusunod na impormasyon:

- Ang mga resulta ng proseso ng pagresolba sa apila
- Ang petsa kung saan ginawa ang pasya ng apila
- Kung apila ay hindi naresolba nang kumpleto sa inyong pabor, ang abiso ay maglalaman ng impormasyon tungkol sa iyong karapatan sa Pagdinig sa Estado at ang mga hakbang para sa paghiling ng Pagdinig sa Estado



Mayroon bang Taning sa Paghain ng Apila?

Ikaw ay maaaring maghain ng apila sa loob ng 60 na araw sa petsa ng Abiso ng Malubhang Determinasyon. Walang mga taning para sa paghain ng apila kung hindi mo natanggap ang Abiso ng Malubhang Determinasyon , upang maaari mong ihain ang uri ng apilang ito sa anumang oras.

Kailan Magagawa ang Desisyon Tungkol sa Aking Apila?

Pagpapasyahan ang MHP ang iyong apila sa loob ng 30 na araw sa kalendaryo mula sa MHP na natanggap ang hiling para sa apila. Ang mga timeframe sa paggawa ng mga desisyon ay maaaring mapahaba hanggang sa 14 na araw na kalendaryo kung humiling na pahabain, o kung pinaniniwalaan ng MHP na may pangangailangan para sa karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay para sa iyong benepisyo. Ang halimbawa ng pagkaantal para sa benepisyo ay kung pinaniniwalaan ng MHP na aprubahan ang apila kung may oras na makalikom ng impormasyon mula sa iyo o ang iyong tagapagkaloob.

Paano Kung Hindi Ako Makakaantay ng 30 na Araw Para sa Desisyon s Apila?

Ang proseso ng apila ay maaaring mapabilis kung kwalipikado sa pinabilis na proseso.

Ano ang Pinabilis na Apila?

Ang pinabilis na apila ay mabilis na paraan upang pagpasyahan ang apila. Ang pinabilis na proseso ng apila ay sumusunod sa parehong proseso ng pangkaraniwang apila. Ngunit, kailangan mo ipakita ang pag-antay para sa karaniwang apila ay maaaring maging lubha ang kondisyon sa mental na kalusugan. Ang pinabilis na proseso ng apila ay sumusunod din sa iba-ibang mga taning sa karaniwang apila. Ang MHP ay may 72 na oras upang suriin ang pinabilis na apila. Ikaw ay maaaring gumawa ng pasalitang hiling



para sa pinabilis na apila. Hindi mo na kailangan ilagay ang hiling ng pinabilis na apila sa kasulatan.

Kailan Ako Maghahain ng Pinabilis na Apila?

Kung sa tingin mo na ang pag-antay hanggang 30 na araw para sa desisyon ng karaniwang apila ay magpapahamak sa iyong buhay, kalusgan, o abilidad na makamit, mapanatili o makuha ang pinakamataas na pagganap, ikaw ay maaaring maghain ng pinabilis na pagresolba na apila. Kung sumang-ayon ang MHP na tugunan ang mga pangangailangan para sa pinabilis na apila, ang iyong MHP ay magresolba ng pinabilis na apila sa loob ng 72 na oras pagkatapos matanggap ng MHP ang apila. Ang mga timeframe sa paggawa ng desisyon ay maaaring pahabain hanggang sa 14 na araw sa kalendaryo kung ikaw ay humiling na pahabain ito, o kung pinakita ng MHP na kailangan ng karagdagang impormasyon at ang pagkaantala ay nasa iyong interes. Kung pinahaba ng iyong MHP ang timeframe, ang MHP ay magbibigay ng kasulatang paliwanag kung bakit pinahaba ito.

Kung napagpasyahan ng MHP na ang iyong apila ay hindi kwalipikado para sa pinabilis na apila, ang MHP ay kailangan na gumawa ng risonableng pagsisikap upang makapagbigay sa iyo ng maagag abiso na pasalita at aabisuhan ka sa kasulatan sa loob ng dalawang araw sa kalendaryo ng rason para sa desisyon. Ang iyong apila ay sususnod sa timeframe ng karaniwang apila na nakabalangkas sa seksyon na ito. Kung ikaw ay hindi sumang-ayon sa desisiyong ng MHP na ang iyog apila ay hindi natugunan ang pamantayan ng pinabilis na apila, ikaw ay maaaring maghain ng karaingan.

Kapag naresolba ang iyong MHP ang iyong hiling para sa pinabilis na apila, aabisuhan ka at lahat ng naapektong partido nang pasalita o sa kasulatan ng iyong MHP.



ANG PROSESO NG PAGHLING SA PAGDINIG SA ESTADO

Ano ang Pagdinig sa Estado?

Ang Pagdinig sa Estado ay isang pansariling pagsususri, isinasagawa ng isang hukom sa administratibong batas na gumaganap para sa California Department of Social Services, upang siguraduhin ang mga serbisyo ng espesyalidad ng mental na kalusugan na kung saan ikaw ay karapat-dapat sa ilalim ng programa ng Medi-Cal.

Ano ang Aking mga Karapatan sa Pagdinig sa Estado?

Ikaw ay may karapatan na:

- Magkaroon ng pagdinig sa harap ng hukom ng administratibong batas (tinatawag ding Pagdinig sa Estado)
- Sabihan tungkol sa kung paano humiling ng Pagdinig sa Estado
- Sabihan tungkol sa mga panuntunan na namamahala sa representasyon ng Pagdinig sa Estado
- Ipagpatuloy ang mga benepisyo sa kahilingan habang ginaganap ang proseso ng Pagdinig sa Estado kung hiniling ang Pagdinig sa Estado sa loob ng kinakailangang timeframe.

Kailan Ako Makakahain ng Pagdinig sa Estado?

Ikaw ay maaaring maghain ng Pagdinig sa Estado sa anumang mga sumusunod na sitwasyon:



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Ikaw ay naghain ng apila at nakatanggap ng liham ng resolusyon sa apila na ang iyong MHP ay tumanggi sa iyong kahilingan sa pila.
- Ang iyong karaingan, apila, o pinabilis na apila ay hindi naresolaba sa tamang oaras.

Paano Ako Makakahiling ng Pagdinig s Estado?

Ikaw ay maaaring humiling sa Pagdinig ng Estado on-line sa:

<https://secure.dss.cahwnet.gov/shd/pubintake/cdss-request.aspx>.

Ikaw ay maaaring humiling ng Pagdinig sa Estado o pinabilis na Pagdinig sa Estado sa pamamagitan ng telepono:

Tumawag sa State Hearings Division, libreng toll sa (800) 743-8525 o (855) 795-0634, o tumawag sa linya ng Public Inquiry and Response, libreng toll sa (800) 952-5253 o TDD (800) 952-8349.

Ikaw at maaaring humiling ng Pagdinig sa Estado sa kasulatan:

Isumite ang iyong hiking sa county welfare department sa address na naipakita sa Abiso ng Malubhang Determinasyon, o sa pamamagitan ng fax o pagpapadala sa koreo sa :

California Department of Social Services

State Hearings Division

P.O. Box 944243, Mail Station 9-17-37

Sacramento, CA 94244-2430

O sa pamamagitan ng Fax sa (916) 651-5210 o (916) 651-2789.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
 Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
 O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Mayroon bang Taning sa Paghiling ng Pagdinig s Estado?

Oo, ikaw ay may 120 na araw lamang para sa Pagdinig sa Estado. Ang 120 na araw ay magsisimula sa araw pagkatapos maibigay ng personal ng MHP sa iyo ang abiso ng desisyon ng apila, o sa araw pagkatapos ang petsa ng pagpostmark ng abiso ng pasya ng apila ng MHP.

Kung hindi mo natanggap ang Abiso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo, ikaw ay maaaring maghain ng Pagdinig sa Estado sa anumang oras.

Maaari ko Bang Ipagpatuloy ang mga Serbisyo Habang Inaantay ko ang Pasya sa Pagdinig ng Estado?

Kung ikaw ay kasalukuyang tumatanggap ng napahintulutang mga serbisyo at nais mong ipagpatuloy ang mga serbisyo habang inaantay ang pasya ng Pagdinig sa Estado, kailangan mong humiling sa Pagdinig sa Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa na ang pagtanggap ng Abuso ng Malubhang Determinasyon ng Benepisyo , o bago ang petsa na sinabi ng iyong MHP na itigil o bawasan ang mga sebisyo. Noong humiling ka ng Pagdinig sa Estado, kailangan mong sabihin na nais mong ipagpatuloy ang mga serbsiyo tuwing mga proseso ng Pagdinig sa Estado.

Kung ikaw ay humiling ng pagpapatuloy ng mga serbisyo, at ang pinal na desisyon ng Pagdinig na Estado ay kumumpirma sa desisyon na bawasan o itigil ang tinatanggap na serbisyo, ikaw ay maaaring magbayad ng mga gastusin sa mga serbisyo na ibinigay habang nakaantala ang Pagdinig sa Estado.

Kailan Mapagpapasyahan ang Desisyn ng Aking Padinig sa Estado?

Pagkatapos mo humiling ng Pagdinig ng Estado, ito ay maaaring umabot sa hanggang 90 na araw sa pagpasya ng iyong kaso at ipadala ang kasagutan sa iyo.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

Paano Kung Hindi Ako Makapag-antay ng 90 na Araw Para sa Aking Desisyon sa Pagdinig ng Estado?

Kung sa tingin mo ikaw ay naghihintay nang matagal at mapanganib sa iyong kalusugan, ikaw ay maaaring makakuha ng kasagutan sa loob ng tatlong araw na negosyo. Tanungin sa iyong doktor o propesyonal sa mental na kalusugan na magsulat ng liham sa iyo. Ikaw rin ay maaaring magsulat ng liham nang mag-isa. Ang liham ay kailangan nagpapaliwanag ng detalye kung ang pag-aanaty hanggang sa 90 na araw sa iyong kaso na mapagpapasyahan ay mapanganib sa iyong buhay, iyong kalusugan, o abilidad na maabot, mapanatili, o makuha ang pinakamataas na pagganap. At pagkatapos, siguraduhin na tanungin sa kanila para sa “pinabilis na pagdinig” at magbigay ng liham na ikaw ay humuhuling ng pagidnig.

Ang Department of Social Services, State Hearings Division, ay magsusuri ng iyong hiling para sa pinabilis na Pagdinig sa Estado at pagpapasyahan kung ito ay kwalipikado. Kung naaprubahan ang hiling sa pinabilis na pagdinig, magaganap ang pagdinig at ang desisyon sa pagdinig ay maiisyu sa loob ng tatlong araw ng negosyo sa petsa kung kelan mo inihiling ito sa State Hearings Division.



PASULONG NA DIREKTIBA

Ano ang Pasulong na Direktiba?

Ikaw ay may karapatan sa isang pasulong na direktiba. Ang isang pasulong na direktiba ay isang kasulatang panuntunan tungkol sa pangangalaga sa kalusugan sa ilalim ng batas ng California. Kasama nito ang impormasyon na nagsasabi kung paano mo gusto maibigay ang panganagalagang sa kalusugan, o sabihin kung anung mga desisyon ang maaaring mapagpasyahan, o kung ikaw ay hindi maaaring makapagsalita para sa iyong sarili. Ikaw ay maaaring makarinig minsan ng pasulong na direktiba na nakasaad sa living will o kakayahan sa pagganap ng abogado o power of attorney.

Tinutukoy ng batas ng California ang pasulong na direktiba nang pasalita o sa kasulatan sa panuntunan ng indibidwal na pangangalaga sa kalusugan power of attorney (ang isang kasulatang dokumento sa pagbigay ng pahintulot sa paggawa ng desisyon para sa iyo). Lahat ng mga MHP ay kailangan na magkaroon ng pasulong na direktiba na polisiya sa lugar. Kinakailangan ng iyong MHP na magbigay ng kasulatang impormasyon sa polisiya ng pasulong na direktiba ng MHP at ipaliwanag ng batas ng estado, kung tinanong ang impormasyon. Kung nais mong humiling ng impormasyon, ikaw ay kailangan tumawag sa iyong MHP para sa karagdagang impormasyon.

Nakadiseno ang pasulong na direktiba upang pahintulutan ang tao na kontrolin ang kanilang pagpapagamot, lalo na kung hindi isila nakakapagbigay ng panuntunan sa kanilang panganagalaga sa sarili. Ito ay isang legal na dokumento na nagpapahintulot sa iyo, ng maaga, kung ano ang kanilang mga nais, kung sila ay hindi makapagpasya sa kanilang panganagalaga sa kalusugan. Kasama nag mga bagay tulad ng karapatan sa pagtanggap o pagtanggì ng pagpapagamot na medikal, surgery, o pagpili sa pangangalaga sa kalusugan. Sa California, ang pasulong na direktiba ay naglalaman ng dalawang bahagi:



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Ang Pagtalaga ng iyong ahente (isang gtao) na gumagawa ng desisyon tungkol sa iyong pangangalaga sa kalusugan, at
- Ang mga panuntunan ng indibidwal na pangangalaga sa kalusugan

Ikaw ay maaring kumuha ng form para sa pasulong na direktiba mula sa iyong plano ng mental na kalusugan o online. Sa California, ikaw ay may karapatan na magbigay ng panuntunan ng pasulong na direktiba sa lahat ng mga tagapagkaloob ng ipanganaglagang kalusugan. Ikaw rin ay may karapatan na palitan o kanselahin ang pasulong na direktiba sa anumang oras.

Kung ikaw ay may katanunagn tungkol sa batas ng California tungkol sa pangangailangan ng pasulong ng direktiba , ikaw ay maaaring magpadala ng liham sa :

California Department of Justice

Attn: Public Inquiry Unit,

P. O. Box 944255

Sacramento, CA 94244-2550



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG BENEPISYARYO

Ano ang Aking mga Karapatan Bilang Tagatanggap ng mga Serbisyo ng Espesyalidad sa Mental na Kalusugan?

Bilang isang tao na karapat-dapat para sa Medi-Cal, ikaw ay may karapatan na tumanggap ng mga serbisyo na may medikal na pangangailangan sa espesyalidad sa mental na kalusugan mula sa MHP. Kapag nakapag-aaccess sa mga serbisyo, ikaw ay may karapatan na :

- Tratuhan ng may personal na respeto at dignidad at privacy.
- Tumanggap ng impormasyon sa mga pagpipilian na magagamit na pagpapagaling at ipaliwanga sa paraan na iyong naitindihan.
- Makilahok sa mga desisyon tungkol sa pangangalaga sa mental na kalusugan, kasama ang karapatan sa pagtanggap sa pagpapagamot.
- Maging malaya sa anumang uri ng pagpigil o seklusyon na ginamit bilang amimilit, kaparusahan, o retalyasyon tungkol sa paggamit ng pagpipigil at seklusyon .
- Humingi at kumuha ng kopya ng iyong medikal na rekords, at humiling na maaari nilang baguhin o maitama, kung kinakailangan.
- Kunin ang impormasyon sa hanbuk na ito tungkol sa mga serbisyo na sakop ng MHP, ibang obligasyon ng MHP, at ang iyong mga karapatan na naitukoy dito. Ikaw rin ay may karapatan na tumanggap ng impormasyon at ibang mga ibinigay na impormasyon sa iyo ng MHP sa uri na madaling maintindihan. Nangangahulugan ito, halimbawa, na ang MHP ay kailangang gumawa ng kasulatang impormasyon na magagamit sa mga wika na limang porsyento ng 3,000 ng mga benepisyaryo ng MHP, kung saan mas mababa, at gumawa ng mga serbisyo na magagamit sa pasalitang tagapagsalin nang libre para sa mga tao na nagsasalita ng ibang wika. Ito rin ay nangangahulugan na kailangan



magbigay ng MHP ng iba't-ibang mga materyales para sa mga tao na may espesyal na pangangailangan, tulad ng mga tao na bulag o may limitadong bisyon, o mga tao na may problema sa pagbabasa.

- Kumuha ng mga serbisyo ng espesyalidad sa mental na kalusgan mula sa MHP na sumusunod sa mga kontrata sa estado para sa paggamit ng mga serbisyo, kasiguraduhan para sa sapat na kapasidad ng mga serbisyo, koordinasyon at pagpapatulot ng pangangalaga, at sakop at awtorisasyon ng mga serbisyo.

Kailangan ng MHP na:

- Gumamit at magkaroon ng kasulatang mga kontrata na may sapat na tagapagkaloob upang masiguro na lahat ng mga karapat-dapat na mga benepisyaryo ng Medi-Cal na kwalipikado para sa mga serbisyo ng mental na a kalusugan ay maaaring matanggap sa tamang oras.
- Sakupin ang mga out-of-network na mga serbisyo na may medikal na pangangailangan sa tamang oaras, kung ang MHP ay walang employer o nakakontratang tagapagkaloob na maaaring makapagbigay ng mga serbisyo. Ang “Out-of-network” na tagapagkaloob ay nangangahulugang ang tagapagkaloob ay hindi nasa listahan ng mga tagapagkaloob ng MHP. Kailangan siguraduhin ng MHP na ikaw ay hindi magbabayad ng kahit na anung ekstra para sa pagbisita sa isang out-of-network na tagapagkaloob.
- Siguraduhin na ang mga tagapagkaloob ay nasanay sa pagbibigay ng mga serbisyo sa espesyalidad sa mental na kalusugan na sinang-ayunan na sakupin ng mga tagapagkaloob.
- Sisguraduhin na ang mga serbisyo ng espesyalidad sa mental na kalusugan ay sakop ng MHP na may sapat na halaga, haba ng panahon, at sakop upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga benepisyaryo na karapat-dapat sa Medi-Cal. Kasama nito ang pagsisiguro sa sistema ng MHP para sa pag-apruba ng mga pagbabayad para sa mga serbisyo na base sa pangangailangang medikal at gumagawa ng mga pamantayan sa mga pangangailangang medikal ay ginagamit ng pantay.



- Siguraduhin na ang mga tagapagkaloob ay may sapat na pagtatasa sa mga mga tao na tumatanggap ng mga serbisyo at ng sila ay nakikipagsapalaran sa mga tao na tumatanggap ng mga serbisyo na nakikibaka sa mga plano ng pagpapagaling na kasama ang mga layunin para sa pagpapagaling at mga serbisyo na maaaring maibigay.
- Magbigay ng pangalawang opinion mula sa kwalipikadong propesyonal ng pangangalagang pangkalusugan sa loob ng network ng MHP, o sa isang network sa labas, nang walang karagdagang gastusin sa iyo kapag hiniling ito.
- Makipagkoordinang sa mga serbisyong ibinibigay sa iyo sa pamamagitan ng plano ng pangangalagang kalusugan ng Medi-Cal, kung kinakailangan, at siguraduhin na ang iyong privacy ay naprotektahan na nakasaad sa mga panuntunan ng pederal na privacy na impormasyong pangkalusugan.
- Magbigay ng tamang access sa pangangalaga, kasama ang pagbibigay ng serbisyo na magagamit 24 oras sa isang araw, kapag ito ay medikal na pangangailangan upang mapagaling ang isang emerhensiyang saykayatrikong kondisyon o isang agarang o kirisis na kondisyon.
- Makilahok sa mga pagsisikap ng estado upang hikayatin ang pagbibigay ng serbisyo sa isang paraan na karapat-dapat sa kultura sa lahat ng mga tao, kasama ang mga may limitadong kasanayan sa Ingles at ibat-ibang kultura at etnikong background.
- Kailangn siguraduhin ng iyong MHP na ang iyong pagpapagaling ay hindi nagbago sa mapanganib na paraan bilang resulta ng iyong pagpapahayag ng iyong karapatan. Ang iyong MHP ay kailangn upang sudinang nararapat na pederal at mga batas ng estado (tulad ng : Title VI ng Civil Rights Act ng 1964 bilang naimplementang regulasyon sa 45 CFR bahagi 80; ang Age Discrimination Act ng 1975 bilang naimplementang regulasyon sa 45 CFR bahagi 91; ang Rehabilitation Act ng 1973; Title IX ng Education Amendments ng 1972 (tungkol sa programang edukasyon at mga aktibidad); Titles II at III ng



Americans with Disabilities Act); Secksyon 1557 ng Patient Protection and Affordable Care Act; at mga karapatan na nakasaad dito.

- Ikaw ay maaaring magkaroon ng karagdagang karapatan sa ilalim ng mga batas ng estado tungkol sa pagpapagaling sa mental na kalusugan. Kung nais mong makipagugnay sa iyong county's Patients' Rights Advocate, maaari mong gawin ito sa pagtawag ng mga ahensiya sa ibaba.
 - ⊖ Para sa mga pasyente sa loob at mga serbisyo sa Residensyal tumawag sa JFS Patient Advocacy sa 619-282-1134 o 1-800-479-2233.
 - ⊖ Para sa Mga serbisyo sa labas, tumawag sa Consumer Center for Health Education & Advocacy sa (CCHEA) sa 1-877-734-3258.

Ano ang Aking mga Responsibilidad Bilang Tagatanggap ng mga Serbisyo sa Espesyalidad sa Mental na Kalusgan?

Bilang tagatanggap ng mga serbisyo ng espesyalidad sa mental na kalusugan, responsibilidad mo na :

- Basahin ng mabuti ang hanbuk ng benepisyaryo at ibang mahalagang materyales ng impormasyon mula sa MHP. Ang mga materyales ay makakatulong sa pag-unawa ng mga serbisyo na magagamit at kung paano makukuha ng pagpapagaling kung kinakailangan.
- Dumalo sa pagpapagaling na naka-iskedyul. Ikaw ay maaaring makukuha ng pinakamabuting resulta kung sinundan ang plano ng pagpapagaling. Kung nakaligtaan mo ang iyong appointment, tumawag sa iyong tagapagkaloob ng mas maaga sa 24 oras, at magpareskedyul sa ibang araw o oras.
- Laging dalhin ang iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) at isang photo ID kung ikaw ay dumadalo sa pagpapagaling.
- Laging ipagbigay alam sa tagapagkaloob kung kailangan mo ng pasalitang tagapagsalin bago ang iyong appointment.



Tumawag sa iyong MHP sa 1-888-724-7240 (TTY 711)
Narito ang MHP 7araw sa isang lingo/24 sa isang araw. Ang tawag ay libre.
O pumunta online sa <https://www.optumsandiego.com>

- Sabihin sa iyong tagapagkaloob ng iyong mga pag-alalang medikal upang maging tumpak ang planong pagpapagaling. Kung mas kumpleto ang impormasyon na iyong ibinahagi tungkol sa iyong pangangailangang medikal, magiging matagumpay ang iyong pagpapagaling.
- Siguraduhin na tanungin ang iyong tagapagkaloob sa anumang mga katanungan na meron ka. Mahalagang maintindihan mo ng buo ang plano ng pagpapagaling at anumang mga impormasyon na iyong natanggap sa pagplaplano.
- Sundin ang plano ng pagpapagaling na nasang-ayunan mo at ng iyong tagapagkaloob.
- Makipag-ugnay sa MHP kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa mga serbisyo o kung may mga problema sa iyong tagapagkaloob na hindi mo naresolba.
- Sabihin sa iyong tagapagkaloob at ang iyong MHP kung may mga pagbabago sa iyong personal na impormasyon. Kasama dito ang iyong address, numero ng telepono, at anumang medikal na impormasyon na maaaring makaapekto sa iyong abilidad sa makilahok sa pagpapagaling.
- Ituring ang mga tauhan na nagbigay ng iyong pagpapagaling nang respeto at kagandahang-loob.
- Kung sinususpetsa mo ang panloloko o maling gawain, ipagbigay-alam sa :
 - Ang Department of Health Care Services ay maghihiling na kung sinuman ang nagsususpetsang may panloloko sa Medi-Cal, pagbabasura, o pag-aabuso na tumawag sa DHCS Medi-Cal Fraud Hotlines sat **1 (800) 822-6222**. Kung sa tingin mo ito ay emerhensiya, pakitawagan ang 911 para sa agarang pagtulong. Ang tawag na ito ay libre at ang tumatawag ay maaaring mapanatiling walang pagkakailanlan.
 - Ikaw ay maaaring mag-ulat ng panloloko at pag-abuso sa pamamagitan ng e-mail sa fraud@dhcs.ca.gov o paggamit ng online form sa <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/StopMedi-CalFraud.aspx>.

